



Republika ng Pilipinas  
Kagawaran ng Edukasyon  
DepEd Complex, Meralco Avenue  
Lungsod ng Pasig




# **K to 12 Gabay Pangkurikulum**

# **ARALING PANLIPUNAN**

**Baitang 1 – 10**

Mayo 2016

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM



**Figure 1. The Conceptual Framework of Araling Panlipunan**

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### BALANGKAS NG ARLING PANLIPUNAN

#### Deskripsyon

Naging batayan ng K-12 Araling Panlipunan Kurikulum ang mithiin ng “Edukasyon para sa Lahat 2015” (Education for All 2015) at ang K-12 Philippine Basic Education Curriculum Framework. Layon ng mga ito na magkaroon ng mga kakayahang kinakailangang sa siglo 21 upang makalinang ng “functionally literate and developed Filipino.” Kaya naman, tiniyak na ang mga binuong nilalaman, pamantayang pangnilalaman at pamantayan sa pagganap sa bawat baitang ay makapag-aambag sa pagtatamo ng nasabing mithiin. Sa pag-abot ng nasabing mithiin, tunguhin (goal) ng K-12 Kurikulum ng Araling Panlipunan ang makahubog ng mamamayang mapanuri, mapagmuni, mapanagutan, produktibo, makakalikahan, makabansa at makatao na may pambansa at pandaigdigang pananaw at pagpapahalaga sa mga usaping pangkasaysayan at panlipunan.

Katuwang sa pagkamit ng layuning ito ay ang pagsunod sa teorya sa pagkatuto na konstruktibismo, magkatuwang na pagkatuto (collaborative learning), at pagkatutong pangkaranasan at pangkonteksto at ang paggamit ng mga pamaraang tematiko-kronolohikal at paksain/ konseptuwal, pagsisiyat, integratibo, interdesiplinaryo at multidiplinaryo. Sa pagkamit ng nasabing adhikain, mithi ng kurikulum na mahubog ang pag-iisip (thinking), perpekstibo at pagpapahalagang pangkasaysayan at sa iba pang disiplina ng araling panlipunan ng mag-aaral sa pamamagitan ng magkasabay na paglinang sa kanilang kaalaman at kasanayang pang-disiplina.

Mula sa unang baitang hanggang ika-labindalawang baitang, naka-angkla (anchor) ang mga paksain at pamantayang pang-nilalaman at pamantayan sa pagganap ng bawat yunit sa pitong tema: 1) tao, kapaligiran at lipunan 2) panahon, pagpapatuloy at pagbabago, 3) kultura, pananagutan at pagkabansa, 4) karapatan, pananagutan at pagkamamamayan 5) kapangyarihan, awtoridad at pamamahala, 6) produksyon, distribusyon at pagkonsumo 7) at ungnayang pangrehiyon at pangmundo Samantala, ang kasanayan sa iba’t-ibang disiplina ng araling panlipunan tulad pagkamalikhain, mapanuring pag-iisip at matalinong pagpapasya, pagsasaliksik/ pagsisiyasat, kasanayang pangkasaysayan at Araling Panlipunan, at pakikipagtalastasan at pagpapalawak ng pandaigdigang pananaw, ay kasabay na nalilining ayon sa kinakailangang pag-unawa at pagkatuto ng mag-aaral sa paraang expanding.

Sa ibang salita, layunin ng pagtuturo ng K-12 Araling Panlipunan na malinang sa mag-aaral ang pag-unawa sa mga pangunahing kaisipan at isyung pangkasaysayan, pangheograpiya, pampulitika, ekonomiks at kaugnay na disiplinang panlipunan upang siya ay makaalam, makagawa, maging ganap at makipamuhay (*Pillars of Learning*). Binibigyang diin sa kurikulum ang pag-unawa at hindi pagsasaulo ng mga konsepto at terminolohiya. Bilang pagpapatunay ng malalim na pag-unawa, ang mag-aaral ay kinakailangang makabuo ng sariling kahulugan at pagpapakahulugan sa bawat paksang pinag-aaralan at ang pagsasalin nito sa ibang konteksto lalo na ang aplikasyon nito sa tunay na buhay na may kabuluhan mismo sa kanya at sa lipunang kanyang ginagalawan.

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### Batayan ng K to 12 Araling Panlipunan Kurikulum

Naging batayan ng K-12 Araling Panlipunan Kurikulum ang mithiin ng “Edukasyon para sa Lahat 2015” (Education for All 2015) at ang K-12 Philippine Basic Education Curriculum Framework. Layon ng mga ito na magkaroon ng mga kakayahang kinakailangang sa siglo 21 upang makalinang ng “functionally literate and developed Filipino.” Nilalayon din ng batayang edukasyon ang pangmatagalang pagkatuto pagkatapos ng pormal na pag-aaral (lifelong learning). Angistratehiya sa pagkamit ng mga pangkalahatang layuning ito ay alinsunod sa ilang teorya sa pagkatuto na konstruktibismo, magkatuwang na pagkatuto (collaborative learning), at pagkatutong pangkaranasan at pangkonteksto.

### Ang sakop at daloy ng AP kurikulum ay nakabatay sa kahulugan nito:

Ang Araling Panlipunan ay pag-aaral ng mga tao at grupo, komunidad at lipunan, kung paano sila namuhay at namumuhay, ang kanilang ugnayan at interaksyon sa kapaligiran at sa isa’t isa, ang kanilang mga paniniwala at kultura, upang makabuo ng pagkakakilanlan bilang Pilipino, tao at miyembro ng lipunan at mundo at maunawaan ang sariling lipunan at ang daigdig, gamit ang mga kasanayan sa pagsasaliksik, pagsisiyasat, mapanuri at malikhaing pag-iisip, matalinong pagpapasya, likas-kayang paggamit ng pinagkukunang-yaman, at mabisang komunikasyon. Layunin ng Araling Panlipunan ang paghubog ng mamamayang mapanuri, mapagmuni, responsable, produktibo, makakalikasan, makabansa, at makatao, na may pambansa at pandaigdigang pananaw at pagpapahalaga sa mga usapin sa lipunan sa nakaraan at kasalukuyan, tungo sa pagpanday ng kinabukasan.

### Layunin ng AP Kurikulum

Nilalayon ng AP kurikulum na makalinang ng kabataan na may tiyak na pagkakakilanlan at papel bilang Pilipinong lumalahok sa buhay ng lipunan, bansa at daigdig. Kasabay sa paglinang ng identidad at kakayanang pansibiko ay ang pag-unawa sa nakaraan at kasalukuyan at sa ugnayan sa loob ng lipunan, sa pagitan ng lipunan at kalikasan, at sa mundo, kung paano nagbago at nagbabago ang mga ito, upang makahubog ng indibiduwal at kolektibong kinabukasan. Upang makamit ang mga layuning ito, mahalagang bigyang diin ang mga magkakaugnay na kakayahan sa Araling Panlipunan: (i) pagsisiyasat; (ii) pagsusuri at interpretasyon ng impormasyon; (iii) pananaliksik; (iv) komunikasyon, lalo na ang pagsulat ng sanaysay; at (v) pagtupad sa mga pamantayang pang-etika.

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### Tema ng AP Kurikulum

Upang tuhugin ang napakalawak at napakaraming mga paksa na nakapaloob sa Araling Panlipunan, ito ang magkakaugnay na temang gagabay sa buong AP kurikulum, na hango sa mga temang binuo ng National Council for Social Studies (Estados Unidos).<sup>1</sup> Hindi inaasahan na lahat ng tema ay gagamitin sa bawat baitang ng edukasyon dahil ilan sa mga ito, katulad, halimbawa, ng ika-anim na tema, Produksyon, Distribusyon at Pagkonsumo, ay mas angkop sa partikular na kurso (Ekonomiks) kaysa sa iba, bagamat tatalakayin din ang ilang mga konsepto nito sa kasaysayan ng Pilipinas, ng Asya at ng mundo. Iaangkop ang bawat tema sa bawat baitang ngunit sa kabuuan, nasasakop ng kurikulum ang lahat ng mga tema.

#### 1. Tao, Lipunan at Kapaligiran

Ang ugnayan ng tao sa lipunan at kapaligiran ay pundamental na konsepto sa Araling Panlipunan. Binibigyang diin ng temang ito ang pagiging bahagi ng tao hindi lamang sa kanyang kinabibilangang komunidad at kapaligiran kundi sa mas malawak na lipunan at sa kalikasan. Sa ganitong paraan, mauunawaan ng mag-aaral ang mga sumusunod:

- 1.1 Ang mga batayang konsepto ng heograpiya, gamit ang mapa, atlas at simpleng teknolohikal na instrumento, upang mailugar niya ang kanyang sarili at ang kinabibilangan niyang komunidad;
- 1.2 Ang impluwensiya ng pisikal na kapaligiran sa tao at lipunan at ang epekto ng mga gawaing pantao sa kalikasan;
- 1.3 Ang *mobilidad* (pag-usad) ng tao at populasyon, at mga dahilan at epekto ng mobilidad na ito; at
- 1.4 Ang pananagutan ng indibidwal bilang miyembro ng lipunan at taga-pangalaga ng kapaligiran at tapagpanatili ng likas kayang pag-unlad

#### 2. Panahon, Pagpapatuloy at Pagbabago

Mahalagang makita ng mag-aaral ang pag-unlad ng lipunan mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan upang lalo niyang maunawaan ang kanyang sarili at bansa at sa ganoong paraan ay makapagbuo ng identidad (*pagkakakilanlan*) bilang indibiduwal at miyembro ng lipunan, bansa at mundo. Sentral sa pag-aaral ng tao, lipunan at kapaligiran ang konsepto ng panahon (time), na nagsisilbing batayang konteksto at pundasyon ng pag-uunawa ng mga pagbabago sa buhay ng bawat isa, ng lipunang kanyang kinabibilangan, at ng kanyang kapaligiran. Ang kaisipang kronolohikal ay hindi nangangahulugan ng pagsasaulo ng mga petsa o pangalan ng tao at lugar, bagamat mayroong mga mahahalagang historikal fact (*katotohan/ impormasyon*) na dapat matutunan ng mag-aaral, kundi ang pagkilala sa pagkakaiba ng nakaraan sa kasalukuyan, ang pagpapatuloy ng mga paniniwala, istruktura at iba pa sa paglipas ng panahon, ang pag-unawa ng konsepto ng kahalagahang pangkasaysayan (historical significance), pagpahalaga sa konstekto ng pangyayari sa nakaraan man o sa kasalukuyan, at ang mga kaugnay na kakayahan upang maunawaan nang buo ang naganap at nagaganap.

#### 3. Kultura, Pagkakakilanlan at Pagkabansa

Kaugnay sa dalawang naunang tema ang konsepto ng kultura, na tumutukoy sa kabuuan ng mga paniniwala, pagpapahalaga, tradisyon, at paraan ng pamumuhay ng isang grupo o lipunan, kasama ang mga produkto nito katulad ng wika, sining, at iba pa. Nakaangkla sa kultura ang *identidad* ng grupo at ng mga miyembro nito, na sa bansang Pilipinas at sa ibang bahagi ng mundo ay napakarami at iba-iba. May mga aspeto ng kultura na nagbabago samantala ang iba naman ay patuloy na umiiral sa kasalukuyan. Sa pag-aaral ng temang ito, inaasahan na makabubuo ang mag-aaral ng sariing pagkakakilanlan bilang kabataan, indibidwal at Pilipino, at maunawaan at mabigyang galang ang iba't ibang kultura sa Pilipinas. Ang pagkakakilanlan bilang Pilipino ay magiging basehan ng makabansang pananaw, na siya namang tutulong sapagbuo ng mas malawak na pananaw ukol sa mundo.

#### 4. Karapatan, Pananagutan at Pagkamamamayan

*K to 12 Araling Panlipunan Gabay Pangkurikulum Mayo 2016*

Learning Materials are uploaded at <http://lrmds.deped.gov.ph/>.

Pahina 5 ng 240

\*These materials are in textbooks that have been delivered to schools

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

Nakabatay ang kakayahang pansibiko sa pag-unawa sa papel na ginagampanan ng bawat isa bilang mamamayan at kasapi ng lipunan at sa pagkilala at pagtupad ng mga karapatan at tungkulin bilang tao at mamamayan. Pananagutan ng mamamayan na igalang ang karapatan ng iba, anuman ang kanilang pananampalataya, paniniwalang pampulitika, kultural, kasarian, etnisidad, kulay ng balat, pananamit at personal na pagpili. Kasama rito ang paggalang sa opinyon ng iba kahit hindi ito sang-ayon o katulad ng sariling pag-iisip, at respeto sa pagkatao ng sinuman sa bansa at mundo. Ang pag-unawa sa karapatang pantao at ang pananagutang kaakibat dito ay mahalagang bahagi ng AP kurikulum upang makalahok ang magaaral nang ganap at sa makabuluhang paraan sa buhay ng komunidad, bansa at mundo.

### 5. Kapangyarihan, Awtoridad at Pamamahala

Bahagi ng pagkamamamayan ay ang pag-unawa sa konsepto ng kapangyarihan, ang paggamit nito sa bansa at sa pang-araw-araw na buhay, ang kahulugan at kahalagahan ng demokratikong pamamalakad, at ang uri ng pamahalaan sa Pilipinas. Sakop din ng temang ito ang Saligang Batas, na nagsasaad ng mga karapatan at pananagutan ng mamamayan at ng sambayanang Pilipino. Ang pag-unawa sa konsepto ng awtoridad at liderato sa iba-ibang antas at aspeto ng pamahalaan, kasama ang mabigat na tungkulin sa pagiging isang lider, ay tatalakayin sa AP kurikulum. Ang karanasan din ng mga bansa sa Asya at sa ibang bahagi ng daigdig ngayon at sa nakaraan ay pinagmulan ng maraming halimbawa at aralin ukol sa temang ito.

### 6. Produksyon, Distribusyon at Pagkonsumo

Paano gagastusin ang sariling allowance o kita ng magulang? Paano palalaguin ang naipong pondo ng pamilya? Ang sagot sa mga simpleng tanong na ito ay may kinalaman sa batayang konsepto ng pagpili (choice), pangangailangan, paggastos (expenditure), halaga at pakinabang (cost and benefit) na sakop unang-una ng Ekonomiks, ngunit ginagamit din sa pag-aaral ng kasaysayan ng Pilipinas at mga lipunan sa rehiyon ng Asya at daigdig. Sa pag-aaral ng temang Produksyon, Distribusyon at Pagkonsumo, magagamit ng mag-aaral ang mga konseptong ito sa sariiling buhay at mauunawaan ang ibang konsepto katulad ng inflation, GDP, deficit, na karaniwang nababasa sa dyaryo o naririnig sa balita sa radyo. Mahalaga ring maunawaan ng mag-aaral ang panlipunang epekto ng desisyon ng indibidwal na konsyumer at ng mga kumpanya, katulad ng epekto ng kanilang pagpapasya sa presyo ng bilihin o ang epekto ng patakaran ng pamahalaan sa pagdebelop ng ekonomiya, gamit ang pamamaraang matematikal. (Consumer Ed. Financial Literacy, Pag-iimpok)

### 7. Ugnayang Panrehiyon at Pangmundo

Sinusuportahan ng temang ito ang layunin ng AP kurikulum na makabuo ang mag-aaral ng pambansa at pandaigdigang pananaw at pagpapahalaga sa mga pangunahing usapin sa lipunan at mundo. Araling Asyano sa baitang 7, Kasaysayan ng Daigdig sa baitang 8, Ekonomiks sa baitang 9 at Mga Kontemporaryong Isyu sa baitang 10. Makatutulong ang kaalaman tungkol sa ibang bansa sa pag-unawa ng lugar at papel ng Pilipinas sa rehiyon at mundo, at kung paano maaaring kumilos ang Pilipino at ang bansa sa paglutas ng mga suliranin bilang kasapi ng pandaigdigang komunidad.

Inaasahan na sa ika-11 at ika-12 na baitang ay magkakaroon ng mga elektib na kursong tatalakay sa iba't ibang isyu (lokal, pambansa, panrehiyon, at pandaigdig) upang lumawak ang kaalaman ng mga mag-aaral at malinang ang kanilang mga mapanuring kakayahan. Sa ganitong paraan din ay lalong mahahasa ang pagkadalubhasa ng bawat AP na guro sa pagdisenyo ng nilalaman ng kurso at sa istrategiya ng pagturo nito alinsunod sa pangkalahatang balangkas ng AP. Ilang halimbawa ng mga paksa ng elektib na kurso ay:

1. Mga panganib sa kapaligiran at kalikasan, ang pangangalaga nito at mga hakbang na maaaring gawin ng mga mag-aaral at ng komunidad upang matugunan ang mga panganib na ito;
2. Ang layunin at pilosopiya ng isang batas o patakarang opisyal, ang epekto nito sa tao at lipunan (at kalikasan), ang mga problema sa implementasyon at posibleng solusyon sa problema
3. Ang ugnayan ng kultura sa pagsulong ng lipunan (komunidad, bansa) at mga isyung kaugnay sa kaunlaran ng lipunan
4. Mga pandaigdigang problema sa klima, kalamidad (natural at likha ng tao), at ang paglutas ng mga suliraning ito

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### Mga Kakayahan

Ang mga kakayahan ng bagong AP kurikulum ay nakaugat sa mga layunin ng batayang edukasyon: ang kapaki- pakinabang (functional) na literasi ng lahat; ang paglinang ng “functionally literate and developed Filipino;” at ang pangmatagalang pagkatuto pagkatapos ng pormal na pag-aaral (lifelong learning). Makikita ang mga pangkalahatang layuning ito sa mga partikular na kakayahan ng AP katulad halimbawa, ng pagsisiyasat at pagsusuri. Samakatuwid, ang AP kurikulum ay di lamang base sa nilalaman (content-based) kundi rin sa mga kakayahan (competence-based). Sadyang inisa-isa ang mga kakayahan ng AP upang: (a) ipakita ang ugnayan nito sa mga layunin ng batayang edukasyon, at (b) bigyang diin ang mga mapanuring kakayahan na hindi malilinig sa pamamagitan ng pagsasaulo ng impormasyon.

Sa ibaba ang kabuuan ng mga pangkalahatang kakayahan sa AP kurikulum at sa bawat kakayahan, ang mga partikular na kasanayan. Magkakaugnay ang mga kakayahan at kapwa nagpapatibay ang mga ito sa isa’t isa. Nilalayong linangin ang mga kakayahan sa developmental na pamamaraan na angkop sa bawat antas ng batayang edukasyon at sa proseso ng scaffolding, upang maitatag ang pundasyon ng mga kasanayan para sa mas malalim (at mas kompleks) na kakayahan.

Kakayahan	Partikular na Kasanayan
<b>Pagsisiyasat</b>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Natutukoy ang mga sanggunian o pinagmulan ng impormasyon</li> <li>2. Nakagagamit ng mapa at atlas upang matukoy ang iba’t ibang lugar, lokasyon at ibang impormasyong pangheograpiya</li> <li>3. Nakagagamit ng mga kasangkapang teknolohikal upang makakita o makahanap ng mga sanggunian ng impormasyon</li> </ol>
<b>Pagsusuri at interpretasyon ng datos</b>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Nakababasa ng istatistikal na datos</li> <li>2. Nakagagamit ng pamamaraang istatistikal o matematikal sa pagsuri ng kwantitatibong impormasyon at ng datos penomenong pang-ekonomiya</li> <li>3. Nakababasa sa mapanuring pamamaraan upang maunawaan ang historikal na konteksto ng sanggunian at ang motibo at pananaw ng may-akda</li> </ol>
<b>Pagsusuri at interpretasyon ng impormasyon</b>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Nakauunawa ng kahulugan, uri at kahalagahan ng primaryang sanggunian at ang kaibahan nito sa sekundaryang sanggunian</li> <li>2. Nakabubuo ng kamalayan sa mga pagpapahalaga, gawi at kaugalian ng panahon at nakikilala ang impormasyon pagkakaiba at/o pagkakatulad ng mga iyon sa kasalukuyan</li> <li>3. Nakikilala ang historikal na perspektibo ng awtor o manlilikha</li> <li>4. Natutukoy ang pagkakaiba ng opinyon at fact</li> <li>5. Nakatataya ng impormasyon sa pamamagitan ng pagkilala sa bias o punto de bista ng awtor/manlilikha</li> <li>6. Nakakukuha ng datos mula sa iba’t ibang primaryang sanggunian</li> <li>7. Nakahihinuha mula sa datos o ebidensya</li> <li>8. Nakapag-aayos at nakagagawa ng buod ng impormasyon—pangunahing katotohanan at ideya sa sariling salita</li> <li>9. Nakauunawa ng ugnayang sanhi at epekto (cause and effect)</li> <li>10. Nakapaghahambing ng impormasyon mula sa mga magkaugnay na sanggunian at nakikilala ang mga punto ng pagkakasundo at di pagkakasundo</li> <li>11. Nakabubuo ng interpretasyon tungkol sa magkaiba at posibleng magkasalungat na paliwanag ng isang pangyayari</li> <li>12. Nakapagbibigay ng historikal na kahalagahan sa mga tao, grupo, pangyayari, proseso o kilusan at institusyon</li> <li>13. Napag-iisipan ang sariling ideya o pagtingin tungkol sa pinag-uusapan at mga natutuhan mula sa sanggunian</li> <li>14. Nakapaghahambing ng sariling kaisipan sa kaisipan ng awtor/manlilikha at naipaliwanag kung saan at bakit sumasang-ayon o hindi ang dalawang kaisipan</li> <li>15. Nakauunawa ng papel at epekto ng heograpiya sa pagbabagong panlipunan at pangkalikasan</li> </ol>

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

Kakayahan	Partikular na Kasanayan
	16. Nakagagamit ng pamamaraang matematikal sa pag-unawa ng mga batayang konsepto ng Ekonomiks at sa pagsusuri ng kwantitatibong datos 17. Nakabubuo ng konklusyon base sa interpretasyon ng impormasyon
<b>Pagsasaliksik</b>	1. Nakasasagot ng tanong base sa angkop at sapat na ebidensya 2. Nakapag-aayos ang resulta ng pagsasaliksik sa lohikal na paraan 3. Nakagagamit ng teknolohikal na instrumento sa pagsasaliksik, pagsusuri ng datos, pagsulat ng sanaysay o papel, at paghanda ng presentasyon ng pananaliksik
<b>Komunikasyon</b>	1. Nakapag-uugnay ng sari-saring impormasyon mula sa mga angkop na sanggunian 2. Naipakikilala ang sipi mula sa sanggunian at nagagamit ito nang tama 3. Naipararating sa malinaw at maayos na paraan ang sariling kaisipan tungkol sa kaganapan o isyung pinag-aaralan na pinatitibay ng nararapat na ebidensya o datos 4. Nakabubuo ng maikli ngunit malinaw na introduksyon at konklusyon kapag nagpapaliwanag 5. Nakasusulat ng sanaysay (na may habang 3-5 pahina sa mataas na baitang) na nagpapaliwanag ng isang pangyayari, isyu o penomeno, gamit ang nararapat at sapat na impormasyon o ebidensiya sa angkop na pamamaraan
<b>Pagtupad sa pamantayang pang-etika</b>	1. Nakauunawa ng karapatan at tungkulin bilang mamamayan upang makalahok sa makabuluhang paraan sa buhay ng pamayanan, bansa at dagidig 2. Naigagalang at nabibigyang kahalagahan ang pagkakaiba ng mga tao, komunidad, kultura, at paniniwala, at ang kanilang karapatang pantao 3. Nagiging maingat sa sariling naisin, paniniwala, punto de bista o posisyon 4. Nakapagpapakita ng pantay na pakikitungo at paggalang sa mga may ibang pag-iisip kahit hindi ito sumasang-ayon sa sariling ideya, posisyon o pagtingin 5. Natutukoy ang sangguniang ginamit sa papel (reaksyon, maikling sanaysay) bilang pagkilala sa karapatan sa pag-aaring intelektuwal ng awtor/manlilikha

### Pamantayan sa Programa (Core learning Area Standard):

Naipamamalas ang pag-unawa sa mga konsepto at isyung pangkasaysayan, pangheograpiya, pang-ekonomiya, pangkultura, pampamahalaan, pansibiko, at panlipunan gamit ang mga kasanayang nalinang sa pag-aaral ng iba't ibang disiplina at larangan ng araling panlipunan kabilang ang pananaliksik, pagsisiyasat, mapanuring pag-iisip, matalinong pagpapasya, pagkamalikhain, pakikipagkapwa, likas-kayang paggamit ng pinagkukunang-yaman, pakikipagtalastasan at pagpapalawak ng pandaigdigang pananaw upang maging isang mapanuri, mapagnilay, mapanagutan, produktibo, makakalikasan, makabansa at makatao na papanday sa kinabukasan ng mamamayan ng bansa at daigdig.



## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### Pangunahing Pamantayan ng Bawat Yugto (Key Stage Standards):

K – 3	4 – 6	7 – 10
Naipamamalas ang panimulang pag-unawa at pagpapahalaga sa sarili, pamilya, paaralan, at komunidad, at sa mga batayang konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago, distansya at direksyon gamit ang mga kasanayan tungo sa malalim ng pag-unawa tungkol sa sarili at kapaligirang pisikal at sosyo-kultural, bilang kasapi ng sariling komunidad at ng mas malawak na lipunan	Naipamamalas ang mga kakayahan bilang batang produktibo, mapanagutan at makabansang mamamayang Pilipino gamit ang kasanayan sa pagsasaliksik, pagsisiyasat, mapanuring pag-iisip, matalinong pagpapasya, pagkamalikhain, pakikipagkapwa, likas-kayang paggamit ng pinagkukunang-yaman at pakikipagtalastasan at pag-unawa sa mga batayang konsepto ng heograpiya, kasaysayan, ekonomiya, pamamahala, sibika at kultura tungo sa pagpapanday ng maunlad na kinabukasan para sa bansa.	Naipamamalas ang mga kakayahan bilang kabataang mamamayang Pilipino na mapanuri, mapagnilay, malikhain, may matalinong pagpapasya at aktibong pakikilahok, makakalikasan, mapanagutan, produktibo, makatao at makabansa, na may pandaigdigang pananaw gamit ang mga kasanayan sa pagsisiyasat, pagsusuri ng datos at iba't ibang sanggunian, pagsasaliksik, mabisang komunikasyon at pag-unawa sa mga batayang konsepto ng heograpiya, kasaysayan, ekonomiya, politika at kultura tungo sa pagpapanday ng maunlad na kinabukasan para sa bansa.

### Pamantayan sa Bawat Baitang/ Antas (Grade Level Standards):

Baitang	Pamantayan sa Pagkatuto
<b>K</b>	Naipamamalas ang panimulang pag-unawa sa pagkilala sa sarili at pakikipag-ugnayan sa kapwa bilang pundasyon sa paglinang ng kamalayan sa kapaligirang sosyal.
<b>1</b>	Naipamamalas ang kamalayan at pag-unawa sa sarili bilang kasapi ng pamilya at paaralan at pagpapahalaga sa kapaligirang pisikal gamit ang konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago, interaksyon, distansya at direksyon tungo sa pagkakakilanlan bilang indibidwal at kasapi ng pangkat ng lipunan.komunidad.
<b>2</b>	Naipamamalas ang kamalayan, pag-unawa at pagpapahalaga sa kasalukuyan at nakaraan ng kinabibilangang komunidad, gamit ang konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago, kapangyarihan, pamumuno at pananagutan, pangangailangan at kagustuhan, pagkakilanlan, mga simpleng konseptong heograpikal tulad ng lokasyon at pinagkukunang-yaman at ng mga saksi ng kasaysayan tulad ng tradisyong oral at mga labi ng kasaysayan.
<b>3</b>	Naipamamalas ang malawak na pag-unawa at pagpapahalaga ng mga komunidad ng Pilipinas bilang bahagi ng mga lalawigan at rehiyon ng bansa batay sa (a) katangiang pisikal (b) kultura; (c) kabuhayan; at (d) pulitikal, gamit ang malalim na konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago, interaksyon ng tao at kapaligirang pisikal at sosyal.

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

Baitang	Pamantayan sa Pagkatuto
4	Naipagmamalaki ang pagka- Pilipino at ang bansang Pilipinas na may pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng mga kulturang Pilipino batay sa paggamit ng mga kasanayan sa heograpiya, pag-unawa sa kultura at kabuhayan, pakikilahok sa pamamahala at pagpapahalaga sa mga mithiin ng bansang Pilipinas.
5	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pagkakabuo ng kapuluan ng Pilipinas at mga sinaunang lipunan hanggang sa mga malalaking pagbabagong pang-ekonomiya at ang implikasyon nito sa lipunan sa simula ng ika-labing siyam na siglo, gamit ang batayang konsepto katulad ng kahalagahang pangkasaysayan (historical significance), pagpapatuloy at pagbabago, ugnayang sanhi at epekto tungo sa paglinang ng isang batang mamamayang mapanuri, mapagmuni, responsable, produktibo, makakalikasan, makatao at makabansa at may pagpapahalaga sa mga usapin sa lipunan sa nakaraan at kasalukuyan tungo sa pagpanday ng maunlad na kinabukasan para sa bansa.
6	Naipamamalas ang patuloy na pag-unawa at pagpapahalaga sa kasaysayan ng Pilipinas mula sa ika-20 siglo hanggang sa kasalukuyan, tungo sa pagbuo ng tiyak na pagkakakilanlan bilang Pilipino at mamamayan ng Pilipinas Naipamamalas ang malalim na pag-unawa sa kasaysayan ng Pilipinas base sa pagsusuri ng sipi ng mga piling primaryang sangguniang nakasulat, pasalita, awdyo-biswal at kumbinasyon ng mga ito, mula sa iba-ibang panahon, tungo sa pagbuo ng makabansang kaisipan na siyang magsisilbing basehan ng mas malawak na pananaw tungkol sa mundo
7	Naipamamalas ang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kamalayan sa heograpiya , kasaysayan, kultura, lipunan, pamahalaan at ekonomiya ng mga bansa sa rehiyon tungo sa pagbubuo ng pagkakakilanlang Asyano at magkakatuwang na pag-unlad at pagharap sa mga hamon ng Asya
8	Naipamamalas ang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa sama-samang pagkilos at pagtugon sa mga pandaigdigang hamon sa sangkatauhan sa kabila ng malawak na pagkakaiba-iba ng heograpiya, kasaysayan, kultura, lipunan, pamahalaan at ekonomiya tungo sa pagkakaroon ng mapayapa, maunlad at matatag na kinabukasan
9	Naipamamalas ang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa mga pangunahing kaisipan at napapanahong isyu sa ekonomiks gamit ang mga kasanayan at pagpapahalaga ng mga disiplinang panlipunan tungo sa paghubog ng mamamayang mapanuri , mapagnilay, mapanagutan, makakalikasan, produktibo, makatarungan, at makataong mamamayan ng bansa at daigdig
10	Naipamamalas ang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa mga kontemporaryong isyu at hamong pang-ekonomiya, pangkalikasan, pampolitika, karapatang pantao, pang-edukasyon at pananagutang sibiko at pagkamamamayan sa kinakaharap ng mga bansa sa kasalukuyang panahon gamit ang mga kasanayan sa pagsisiyasat, pagsusuri ng datos at iba't ibang sanggunian, pagsasaliksik, mapanuring pag-iisip, mabisang komunikasyon at matalinong pagpapasya

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### Saklaw at Daloy ng Kurikulum

Naipamamalas ang kamalayan bilang batang Pilipino sa katangian at bahaging ginagampanan ng tahanan, paaralan at pamayanan tungo sa paghubog ng isang mamamayang mapanagutan, may pagmamahal sa bansa at pagmamalasakit sa kapaligiran at kapwa.

Grado	Daloy ng Paksa	Deskripsyon	Tema
<b>K</b>	Ako at ang Aking kapwa	Pagkilala sa sarili at pakikipag-ugnayan sa kapwa bilang pundasyon sa paglinang ng kamalayan sa kapaligirang sosyal	1-2
<b>1</b>	Ako, ang Aking Pamilya at Paaralan	Ang sarili bilang kabahagi ng pamilya at paaralan tungo sa pagkakakilanlan bilang indibidwal at kasapi ng komunidad, gamit ang konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago, interaksyon distansya at direksyon at ang pagpapahalaga sa kapaligirang pisikal at paaralan	1-3
<b>2</b>	Ang Aking Komunidad, Ngayon at Noon	Pag-unawa sa kasalukuyan at nakaraan ng kinabibilangang komunidad, gamit ang konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago, interaksyon, pagkakasunod-sunod ng pangyayari, mga simpleng konseptong heograpiikal tulad ng lokasyon at pinagkukunang yaman, at konsepto ng mga saksi ng kasaysayan tulad ng tradisyon oral at mga labi ng kasaysayan	1-5
<b>3</b>	Ang Mga Lalawigan sa Aking Rehiyon	Pag-unawa sa pinagmulan at pag-unlad ng sariling lalawigan at rehiyon kasama ang aspektong pangkultura, pampulitika, panlipunan at pangkabuhayan gamit ang malalim na konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago, interaksyon ng tao at kapaligirang pisikal at sosyal	1-6
<b>4</b>	Ang Bansang Pilipinas	Pagpapahalaga sa pambansang pagkakakilanlan at ang mga kontribosyon ng bawat rehiyon sa paghubog ng kulturang Pilipino at pambansang pag-unlad gamit ng mga kasanayan sa heograpiya, pag-unawa sa kultura at kabuhayan, pakikilahok sa pamamahala at pagpapahalaga sa mga mithiin ng bansang Pilipinas.	1-6
<b>5</b>	Pagbuo ng Pilipinas bilang Nasyon	Pagkakabuo ng kapuluan ng Pilipinas at mga sinaunang lipunan hanggang sa simula ng ika-20 siglo gamit ang batayang konseptong katulad ng kahalagahang pangkasaysayan (historical significance), pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy.	1-6
<b>6</b>	Mga Hamon at Tugon sa Pagkabansa	Ang Pilipinas sa harap ng mga hamon at tugon ng ika-20 siglo hanggang sa kasalukuyan tungo sa pagbuo ng tiyak na pagkakakilanlang Pilipino at matatag na pagkabansa (strong nationhood)	1-6
<b>7</b>	Araling Asyano	Pag-unawa at pagpapahalaga sa kamalayan sa heograpiya, kasaysayan, kultura, lipunan, pamahalaan at ekonomiya ng mga bansa sa rehiyon tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlang Asyano at magkakatuwang na pag-unlad at pagharap sa mga hamon ng Asya	1-7

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>Grado</b>	<b>Daloy ng Paksa</b>	<b>Deskripsyon</b>	<b>Tema</b>
<b>8</b>	Kasaysayan ng Daigdig	Pag-unawa at pagpapahalaga sa sama-samang pagkilos at pagtugon sa mga pandaigdigang hamon sa sangkatauhan sa kabila ng malawak na pagkakaiba-iba ng heograpiya, kasaysayan, kultura, lipunan, pamahalaan at ekonomiya tungo sa pagkakaroon ng mapayapa, maunlad at matatag na kinabukasan.	1-7
<b>9</b>	Ekonomiks	Pag-unawa sa mga pangunahing kaisipan at napapanahong isyu sa ekonomiks gamit ang mga kasanayan at pagpapahalaga ng mga disiplinang panlipunan tungo sa paghubog ng mamamayang mapanuri , mapagnilay, mapanagutan, makakalikasan, produktibo, makatarungan, at makataong mamamayan ng bansa at daigdig	1-7
<b>10</b>	Mga Kontemporaryong Isyu	Pag-unawa at pagpapahalaga sa mga kontemporaryong isyu at hamong pang-ekonomiya, pangkalikasan, pampolitika, karapatang pantao, pang-edukasyon at pananagutang sibiko at pagkamamamayan sa kinakaharap ng mga bansa sa kasalukuyang panahon gamit ang mga kasanayan sa pagsisiyasat, pagsusuri ng datos at iba't ibang sanggunian, pagsasaliksik, mapanuring pag-iisip, mabisang komunikasyon at matalinong pagpapasya	1-7

**BILANG NG ORAS SA PAGTUTURO:** 10 weeks/quarter; 4 quarters/year

<b>Grade</b>	<b>Time Allotment</b>
<b>1-2</b>	30 min/day x 5 days
<b>3-6</b>	40 min/day x 5 days
<b>7-10</b>	3 hrs/week

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM  
BAITANG 1**

**Pamantayang Pagkatuto:** Naipamamalas ang kamalayan, pag-unawa sa sarili bilang Pilipino at kasapi ng pamilya at paaralan at pagpapahalaga sa kapaligirang pisikal gamit ang konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago, interaksyon, distansya at direksyon tungo sa pagkakakilanlan bilang indibidwal at kasapi ng komunidad.

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
<b>UNANG MARKAHAN - Ako ay Natatangi</b>					
A. Pagkilala sa Sarili	<i>Ang mag-aaral ay...</i>  naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili bilang Pilipino gamit ang konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago	<i>Ang mag-aaral ay...</i>  buong pagmamalaking nakapagsasalaysay ng kwento tungkol sa sariling katangian at pagkakakilanlan bilang Pilipino sa malikhaing pamamaraan	1. Nasasabi ang batayang impormasyon tungkol sa sarili: pangalan, magulang, kaarawan, edad, tirahan, paaralan, iba pang pagkakakilanlan at mga katangian bilang Pilipino	<b>AP1NAT-Ia-1</b>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 10, 22-26</li> <li>2. * Pagsibol ng Lahing Pilipino 2. 2003. pp. 2-14</li> <li>3. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 3. 2000. pp. 131-141.</li> <li>4. * Ang Bayan Kong Mahal 1.1998.pp.2-20.</li> <li>5. * Pilipinas: Bansang Minamahal Batayang Aklat 1.1997.pp.2-17.</li> <li>6. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 1997. pp. 1-10.</li> <li>7. * Pilipinas Bayan Mo, Bayan Ko Batayang Aklat 1.1997.pp. 1-8.</li> <li>8. * Pilipinas ang Ating Bansa Batayang Aklat 1.1999.pp.2-4.</li> <li>9. * Pagsibol ng Lahing Pilipino Batayang Aklat 1.1997.pp.2-6.</li> <li>10. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1 1998.pp.2-18.</li> </ol>

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					11. * Lahing Pilipino Batayang Aklat 1. 1997. pp.2-6. 12. * Lahing Pilipino Batayang Aklat 2. 1997.pp.2-9. 13. * Pilipino Ako, Pilipinas ang Bayan Ko Batayang Aklat 2. 1997. pp.2-5, 8-16. 14. * Pilipinas: Bansang Maganda Batayang Aklat 2. 2000. pp. 16-25. 15. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 2. 1997. pp.4-11, 15-26. 16. * Ang Bayan Kong Mahal 2. 2000. pp. 3-11. 17. * Kulturang Pilipino Batayang Aklat 2. 2000. pp. 2-11. 18. * Pamayanang Pilipino Batayang Aklat 2. 1997. pp. 2-16. 19. * Ang Bayan Kong Mahal 3. 1998. pp. 97-109. 20. * Pagsibol ng Lahing Pilipino Batayang Aklat 3. 1997. pp. 88-95. 21. * Pilipinas ang Ating

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					Bansa Batayang Aklat 3. 1999. pp. 104-115
			2. Nailalarawan ang pisikal na katangian sa pamamagitan ng iba't ibang malikhaing pamamaraan	<b>AP1NAT-Ia-2</b>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 4-5.</li> <li>2. * Ang Bayan Kong Mahal 1. 1998. pp. 21-32.</li> <li>3. * Pilipinas: Bansang Minamahal Batayang Aklat 1. 1997. pp. 18-29.</li> <li>4. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 1997. pp. 16-21.</li> <li>5. * Pilipinas Bayan Mo, Bayan Ko Batayang Aklat 1. 1997. pp. 10-13.</li> <li>6. * Pilipinas ang Ating Bansa Batayang Aklat 1. 1999. pp. 6-10.</li> <li>7. * Pagsibol ng Lahing Pilipino Batayang Aklat 1. 1997. pp. 8-10.</li> <li>8. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1 1998. pp. 20-26.</li> <li>9. * Lahing Pilipino Batayang Aklat 1. 1997. pp. 7-11</li> </ol>
			3. Nasasabi ang sariling pagkakakilanlan sa iba't ibang pamamaraan	<b>AP1NAT-Ib-3</b>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 6-7</li> <li>2. Bahagi Ako ng Aking</li> </ol>

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					Pamayanan (Philippines Nonformal Education Project). 1998. pp. 5-8. 3. Ako, at ang Aking Kakayahan (Philippines Nonformal Education Project). 1998. pp. 6. 4. * Pilipinas: Bansang Minamahal Batayang Aklat 1. 1997. pp. 144-149. 5. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1 1998. pp. 31. 6. * Lahing Pilipino Batayang Aklat 2. 1997. pp. 182-188. 7. * Pilipino Ako, Pilipinas ang Bayan Ko Batayang Aklat 2. 1997. pp. 175-184. 8. * Pamayanang Pilipino Batayang Aklat 2. 1997. pp. 168-172
			4. Nailalarawan ang pansariling pangangailan: pagkain, kasuotan at iba pa at mithiin para sa Pilipinas	<b>AP1NAT-Ib-4</b>	1. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 164-167, 172-183 2. * Ang Bayan Kong Mahal 1. 1998. pp. 144-168, 184-186. 3. * Pilipinas: Bansang Minamahal Batayang



**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					<p>Aklat 1. 1997. pp. 124-144, 170-177, 184-193.</p> <p>4. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 1997. pp. 182-191.</p> <p>5. * Pilipinas Bayan Mo, Bayan Ko Batayang Aklat 1. 1997. pp. 124-126, 178-193.</p> <p>6. * Pilipinas ang Ating Bansa Batayang Aklat 1. 1999. pp. 82-87, 176.</p> <p>7. * Pagsibol ng Lahing Pilipino Batayang Aklat 1. 1997. pp. 95-100, 104-107, 134-139.</p> <p>8. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1 1998. pp. 159-169.</p> <p>9. * Lahing Pilipino Batayang Aklat 1. 1997. pp. 174-181.</p> <p>10. * Lahing Pilipino Batayang Aklat 2. 1997. pp. 156-165.</p> <p>11. * Pilipino Ako, Pilipinas ang Bayan Ko Batayang Aklat 2. 1997. pp. 156-160.</p> <p>12. * Pilipinas: Bansang Maganda Batayang Aklat 2. 2000. pp. 206-213.</p>

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					13. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 2. 1997. pp. 130-131, 164-173. 14. * Ang Bayan Kong Mahal 2. 2000. pp. 136-139. 15. * Kulturang Pilipino Batayang Aklat 2. 2000. pp. 144-154.
			5. Natatalakay ang mga pansariling kagustuhan tulad ng: paboritong kapatid, pagkain, kulay, damit, laruan atbp at lugar sa Pilipinas na gustong makita sa malikhaing pamamaraan	<b>AP1NAT-Ic-5</b>	1. Ako, ang Pamilya at ang Aking Komunidad (Philippines Nonformal Education Project). 2001. pp. 5-10. 2. * Pilipinas: Bansang Minamahal Batayang Aklat 1. 1997. pp. 138. 3. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1 1998. pp. 71. 4. * Pilipino Ako, Pilipinas ang Bayan Ko Batayang Aklat 2. 1997. pp. 153
B. Ang Aking Kwento			6. Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa buhay simula isilang hanggang sa kasalukuyang edad gamit ang mga larawan	<b>AP1NAT-Ic-6</b>	
			7. Nailalarawan ang mga personal na gamit tulad ng laruan, damit at iba pa mula	<b>AP1NAT-Id-7</b>	

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
			noong sanggol hanggang sa kasalukuyang edad		
			8. Nakikilala ang timeline at ang gamit nito sa pag-aaral ng mahahalagang pangyayari sa buhay hanggang sa kanyang kasalukuyang edad	<b>AP1NAT-Id-8</b>	* HEKASI Para Sa Mga Batang Pilipino 4. 2000. pp. 276-277.
			9. Naipakikita sa pamamagitan ng timeline at iba pang pamamaraan ang mga pagbabago sa buhay at mga personal na gamit mula noong sanggol hanggang sa kasalukuyang edad	<b>AP1NAT-Ie-9</b>	* HEKASI Para Sa Mga Batang Pilipino 4. 2000. pp. 276-277.
			10. Nakapaghihinuha ng konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga larawan ayon sa pagkakasunod-sunod	<b>AP1NAT-If-10</b>	
			11. Naihahambing ang sariling kwento o karanasan sa buhay sa kwento at karanasan ng mga kamag-aral	<b>AP1NAT-Ig-11</b>	
C. Pagpapahalaga sa Sarili			12. Nailalarawan ang mga pangarap o ninanais para sa sarili 12.1 Natutukoy ang mga pangarap o ninanais 12.2 Naipapakita ang pangarap sa malikhaing pamamaraan	<b>AP1NAT-Ih-12</b>	1. PRODED Learning Guide in Heograpiya/ Kasaysayan/ Sibika: Ang Mga Pagpapahalagang Nakatutulong at Nakahahadlang sa Kaunlaran ng Bansa 6. 2003. pp. 1-8 2. * Pilipinas: Bansang

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					Minamahal Batayang Aklat 1. 1997. pp. 142
			13. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga pangarap o ninanais para sa sarili	<b>AP1NAT-Ii-13</b>	Ako, ang Pamilya at ang aking komunidad (Philippines Nonformal Education Project). 2001. pp. 6-9.
			14. Naipagmamalaki ang sariling pangarap o ninanais sa pamamagitan ng mga malikhaing pamamaraan	<b>AP1NAT-Ij-14</b>	Ako, ang Pamilya at ang aking komunidad (Philippines Nonformal Education Project). 2001. pp. 6.
<b>IKALAWANG MARKAHAN – Ang Aking Pamilya</b>					
A. Pagkilala sa mga kasapi ng Pamilya	<i>Ang mag-aaral ay...</i> naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa sariling pamilya at mga kasapi nito at bahaging ginagampanan ng bawat isa	<i>Ang mag-aaral ay...</i> buong pagmamalaking nakapagsasaad ng kwento ng sariling pamilya at bahaging ginagampanan ng bawat kasapi nito sa malikhaing pamamaraan	1. Nauunawaan ang konsepto ng pamilya batay sa bumubuo nito (ie. two-parent family, single-parent family, extended family)	<b>AP1PAM-IIa-1</b>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 132-134.</li> <li>2. * Ang Bayan Kong Mahal 1. 1998. pp. 116-121</li> <li>3. * Pilipinas: Bansang Minamahal Batayang Aklat 1. 1997. pp. 104-114</li> <li>4. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 1997. pp. 113-115</li> <li>5. * Pilipinas Bayan Mo, Bayan Ko Batayang Aklat 1. 1997. pp. 112-114</li> <li>6. * Pilipinas ang Ating Bansa Batayang Aklat 1. 1999. pp. 75-78</li> <li>7. * Pagsibol ng Lahing Pilipino Batayang Aklat</li> </ol>

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					<ol style="list-style-type: none"> <li>1. 1997. pp. 89-90</li> <li>8. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1 1998. pp. 109-110</li> <li>9. * Lahing Pilipino Batayang Aklat 1. 1997. pp. 87-94</li> </ol>
			<ol style="list-style-type: none"> <li>2. Nailalarawan ang bawat kasapi ng sariling pamilya sa pamamagitan ng likhang sining</li> </ol>	<b>AP1PAM-IIa-2</b>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 127-128.</li> <li>2. * Pilipinas Bayan Mo, Bayan Ko Batayang Aklat 1. 1997. pp. 107, 107-111, 117-119.</li> <li>3. * Pilipinas ang Ating Bansa Batayang Aklat 1. 1999. pp. 74.</li> </ol>
			<ol style="list-style-type: none"> <li>3. Nailalarawan ang iba't ibang papel na ginagampanan ng bawat kasapi ng pamilya sa iba't ibang pamamaraan</li> </ol>	<b>AP1PAM-IIa-3</b>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 118-123, 168-172</li> <li>2. * Pilipinas: Bansang Minamahal Batayang Aklat 1. 1997. pp. 104, 129, 131-133.</li> <li>3. * Pilipinas Bayan Mo, Bayan Ko Batayang Aklat 1. 1997. pp. 108-111.</li> <li>4. * Pilipinas ang Ating Bansa Batayang Aklat 1. 1999. pp. 90-94.</li> <li>5. * Pagsibol ng Lahing Pilipino Batayang Aklat 1. 1997. pp. 82-85.</li> </ol>

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					6. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1 1998. pp. 124-130. 7. * Lahing Pilipino Batayang Aklat 1. 1997. pp. 115-120.
			4. Nasasabi ang kahalagahan ng bawat kasapi ng pamilya	<b>AP1PAM-IIa-4</b>	1. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 121-123. 2. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 1997. pp. 138-141, 196. 3. * Lahing Pilipino Batayang Aklat 2. 1997. pp. 87-94
B. Ang Kwento ng Aking Pamilya			5. Nakabubuo ng kwento tungkol sa pang-araw-araw na gawain ng buong pamilya	<b>AP1PAM-IIb-5</b>	
			6. Nailalarawan ang mga gawain ng mag-anak sa pagtugon ng mga pangangailangan ng bawat kasapi	<b>AP1PAM-IIb-6</b>	1. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 128. 2. Ako, ang Pamilya at ang aking komunidad (Philippines Nonformal Education Project). 2001. pp. 12-13. 3. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 1997. pp. 12, 138-141.
			7. Nakikilala ang “family tree” at ang gamit nito sa pag-aaral ng pinagmulang lahi ng pamilya	<b>AP1PAM-IIc-7</b>	1. PRODED Learning Guide in Heograpiya/ Kasaysayan/ Sibika: Pagkamamamayan 6.

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					2003. pp. 5-10. 2. * Lahing Pilipino Batayang Aklat 1. 1997. pp. 103
			8. Nailalarawan ang pinagmulan ng pamilya sa malikhaing pamamaraan	<b>AP1PAM-IIc-8</b>	Ako, ang Pamilya at ang aking komunidad (Philippines Nonformal Education Project). 2001. pp. 11-12
			9. Nailalarawan ang mga mahahalagang pangyayari sa buhay ng pamilya sa pamamagitan ng timeline/family tree	<b>AP1PAM-IIc-9</b>	* HEKASI Para Sa Mga Batang Pilipino 4. 2000. pp. 276-277.
			10. Nailalarawan ang mga pagbabago sa nakagawiang gawain at ang pinapatuloy na tradisyon ng pamilya	<b>AP1PAM-IId-10</b>	Ako, ang Pamilya at ang aking komunidad (Philippines Nonformal Education Project). 2001. pp. 14-16.
			11. Naipahahayag sa malikhaing pamamamaraan ang sariling kwento ng pamilya	<b>AP1PAM-IId-11</b>	
			12. Naihahambing ang kwento ng sariling pamilya at kwento ng pamilya ng mga kamag-aral	<b>AP1PAM-IId-12</b>	
			13. Naipagmamalaki ang kwento ng sariling pamilya.	<b>AP1PAM-IIe-13</b>	
C. Mga Alituntunin sa Pamilya			14. Naiisa-isa ang mga alituntunin ng pamilya	<b>AP1PAM-IIe-14</b>	Bahagi Ako ng Aking Pamayanan (Philippines Nonformal Education Project). 1998. pp. 17-18.
			15. Natatalakay ang mga batayan ng mga alituntunin ng pamilya	<b>AP1PAM-IIO-15</b>	
			16. Nahihinuha na ang mga	<b>AP1PAM-</b>	

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
			alituntunin ng pamilya ay tumumutugon sa iba-ibang sitwasyon ng pang-araw-araw na gawain ng pamilya	<b>IIE-16</b>	
			17. Nakagagawa ng wastong pagkilos sa pagtugon sa mga alituntunin ng pamilya	<b>AP1PAM-IIf-17</b>	
			18. Naihahambing ang alituntunin ng sariling pamilya sa alituntunin ng pamilya ng mga kamag-aral	<b>AP1PAM-IIf-18</b>	
D. Pagpapahalaga sa Pamilya			19. Naipakikita ang pagpapahalaga sa pagtupad sa mga alituntunin ng sariling pamilya at pamilya ng mga kamag-aral	<b>AP1PAM-IIf-19</b>	Bahagi Ako ng Aking Pamayanan (Philippines Nonformal Education Project). 1998. pp. 19.
			20. Nailalarawan ang batayang pagpapahalaga sa sariling pamilya at nabibigyang katwiran ang pagtupad sa mga ito	<b>AP1PAM-IIg-20</b>	
			21. Naihahahambing ang mga pagpapahalaga ng sariling pamilya sa ibang pamilya	<b>AP1PAM-IIg-21</b>	
			22. Natutukoy ang mga halimbawa ng ugnayan ng sariling pamilya sa ibang pamilya	<b>AP1PAM-IIg-22</b>	
			23. Nakabubuo ng konklusyon tungkol sa mabuting pakikipag-ugnayan ng sariling pamilya sa iba pang pamilya sa lipunang Pilipino.	<b>AP1PAM-IIh-23</b>	Bahagi Ako ng Aking Pamayanan (Philippines Nonformal Education Project). 1998. pp. 20-21.



**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
<b>IKATLONG MARKAHAN – Ang Aking Paaralan</b>					
A. Pagkilala sa Aking Paaralan	<p><i>Ang mag-aaral ay...</i></p> <p>naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkilala ng mga batayang impormasyon ng pisikal na kapaligiran ng sariling paaralan at ng mga taong bumubuo dito na nakakatulong sa paghubog ng kakayahan ng bawat batang mag-aaral</p>	<p><i>Ang mag-aaral ay...</i></p> <p>buong pagmamalaking nakapagpapahayag ng pagkilala at pagpapahalaga sa sariling paaralan</p>	1. Nasasabi ang mga batayang impormasyon tungkol sa sariling paaralan: pangalan nito (at bakit ipinangalan ang paaralan sa taong ito), lokasyon, mga bahagi nito, taon ng pagkakatatag at ilang taon na ito, at mga pangalan ng gusali o silid (at bakit ipinangalan sa mga taong ito)	<b>AP1PAA-IIIa-1</b>	<p>1. * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 149-152.</p> <p>2. * Ang Bayan Kong Mahal 1. 1998. pp. 44.</p>
			2. Nailalarawan ang pisikal na kapaligiran ng sariling paaralan	<b>AP1PAA-IIIa-2</b>	PRODED Learning Guide in Sibika at Kultura: Ituro Mo 2. 2003. pp. 1-8.
			3. Nasasabi ang epekto ng pisikal na kapaligiran sa sariling pag-aaral (e.g. mahirap mag-aaral kapag maingay, etc)	<b>AP1PAA-IIIb-3</b>	
			4. Nailalarawan ang mga tungkuling ginagampanan ng mga taong bumubuo sa paaralan (e.g. punong guro, guro, mag-aaral, doktor at nars, dyanitor, etc	<b>AP1PAA-IIIb-4</b>	* Pilipinas ang Ating Bansa Batayang Aklat 1. 1999. pp. 127-130.
B. Ang Kwento ng Aking Paaralan			5. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paaralan sa sariling buhay at sa pamayanan o komunidad.	<b>AP1PAA-IIIc-5</b>	* Pilipinas Bayan Mo, Bayan Ko Batayang Aklat 1. 1997. pp. 156-157.
			6. Nasasabi ang mahahalagang pangyayari sa pagkakatatag ng sariling paaralan	<b>AP1PAA-IIIc-6</b>	
			7. Nailalarawan ang mga pagbabago sa paaralan tulad ng pangalan, lokasyon,	<b>AP1PAA-IIId-7</b>	

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
			bilang ng mag-aaral atbp gamit ang timeline at iba pang pamamaraan		
			8. Naipapakita ang pagbabago ng sariling paaralan sa pamamagitan ng malikhaing pamamaraan at iba pang likhang sining	<b>AP1PAA-IIIId-8</b>	
			9. Natutukoy ang mga alituntunin ng paaralan	<b>AP1PAA-IIIE-9</b>	
			3. Nasusuri ang mga halimbawa ng paglabag sa karapatang pantao sa pamayanan, bansa, at daigdig	<b>AP10IKP-IIIb-3</b>	1. * Asya: Noon, Ngayon at sa Hinaharap, Batayang Aklat II. 2000. pp. 299-301 2. * Kasaysayan ng Daigdig, Batayang Aklat III. 2012. pp. 390-393
			4. Nakapagmumungkahi ng ng mga pamamaraan sa pangangalaga ng karapatang pantao	<b>AP10IKP-IIIb-4</b>	* Kasaysayan ng Daigdig, Batayang Aklat III. 2000. pp.321-326
			6. Nakapagmumungkahi ng mga paran ng paglutas sa mga paglabag ng karapatang pantao	<b>AP10IKP-IIIc-5</b>	* Kasaysayan ng Daigdig, Batayang Aklat III. 2012. pp. 394-395
B. Mga Isyu na may Kaugnayan sa Kasarian (Gender) 1. Gender & Sexuality 2. Reproductive Health Law 3. Same-sex Marriage 4. Prostitusyon at Pang-aabuso	<i>Ang mga mag-aaral ay may pag-unawa:</i>  sa kahalagahan ng pagtanggap at paggalang sa iba't ibang perspektibo na may kaugnayan sa samu't saring isyu sa gender	<i>Ang mga mag-aaral ay:</i>  nakabubuo ng dokumentaryo na nagsusulong ng paggalang sa karapatan ng mga mamamayan sa pagpili ng kasarian at sekswalidad	<i>Ang mga mag-aaral ay:</i> 1. Nakabubuo ng dokumentaryo na nagsusulong ng paggalang sa karapatan ng mga mamamayan sa pagpili ng kasarian at sekswalidad 2. Nasusuri ang iba't ibang salik na nagiging dahilan ng pagkakaroon ng diskriminasyon sa kasarian 3. Natataya ang bahaging ginagampanan ng kasarian( <i>gender roles</i> ) sa iba't bang larangan at institusyong	<b>AP10IKP-IIIc-6</b>  <b>AP10IKP-IIIId-7</b>  <b>AP10IKP-IIIId-8</b>	

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
			panlipunan (trabaho, edukasyon, pamilya, pamahalaan, at relihiyon)		
			4. Napaghahambing ang katatayuan ng kababaihan, lesbians, gays, bisexuals, at transgender sa iba't ibang bansa at rehiyon	<b>AP10IKP-IIIe-9</b>	
			5. Naipapaliwanag ang mahahalagang probisyon ng Reproductive Health Law	<b>AP10IKP-IIIg-10</b>	
			6. Naipapahayag ang sariling saloobin sa Reproductive Health Law	<b>AP10IKP-IIIh-11</b>	
			7. Nasusuri ang epekto ng same-sex marriage sa mga bansang pinahihintulutan ito	<b>AP10IKP-IIIi-12</b>	
			8. Naipapahayag ang pananaw sa pagpapahintulot ng same-sex marriage sa bansa	<b>AP10IKP-IIIh-13</b>	
			9. Natatalakay ang dahilan ng prostitusyon at pang-aabuso	<b>AP10IKP-IIIi-14</b>	
			10. Nasusuri ang epekto ng prostitusyon at pang-aabuso sa buhay ng tao sa pamayanan at bansa	<b>AP10IKP-IIIj-15</b>	
			11. Nakapagmumungkahi ng mga paraang tungo sa ikalulutas ang suliranin ng prostitusyon at pang-aabuso sa sariling pamayanan at bansa	<b>AP10IKP-IIIj-16</b>	1. Babae, Gumising Ka! (Philippines NonFormal Education Project). 1998. pp. 25-26 2. * Asya: Pag-usbong ng

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
					Kabihasanan. 2008. pp. 339-340
<b>IKAAPAT NA MARKAHAN - Mga Isyung Pang-Edukasyon at Pansibiko at Pagkamamamayan (Civics and Citizenship)</b>					
A. Mga Isyung Pang- edukasyon 1. Access sa Edukasyon 2. Kalidad ng Edukasyon	<i>Ang mga mag-aaral ay may pag-unawa:</i>  sa kahalagahan ng edukasyon tungo sa ikabubuti ng kalidad ng pamumuhay ng tao, pagpapanatili ng kaayusang panlipunan, at pag-unlad ng bansa	<i>Ang mga mag-aaral ay</i>  nakagagawa ng case study na tumatalakay sa mga solusyon tungkol sa mga suliraning kinakaharap ng sistema ng edukasyon sa bansa	5. Nasusuri ang sistema ng edukasyon sa bansa	<b>AP10ICC-IVa-1</b>	* Asya: Pag-usbong ng Kabihasanan. 2008. pp. 374-375
			6. Nasusuri ang mga programa ng pamahalaan na nagsusulong ng pagkakapantay-pantay sa edukasyon	<b>AP10ICC-IVa-1</b>	
			7. Nasusuri ang mga programa ng pamahalaan na nagsusulong ng pagkakapantay-pantay sa edukasyon	<b>AP10ICC-IVa-2</b>	
			8. Nasusuri ang kalidad ng edukasyon sa bansa	<b>AP10ICC-IVb-3</b>	
			9. Natatalakay ang mga suliraning kinakaharap ng sektor ng edukasyon sa bansa	<b>AP10ICC-IVc-4</b>	
			10. Nakapagmumungkahi ng mga pamamaraan na makakatulong sa pagpapataas ng kalidad ng edukasyon sa pamayanan at bansa	<b>AP10ICC-IVd-5</b>	
B. Pansibiko at Pagkamamamayan <i>(Civics and Citizenship)</i>	<i>Ang mga mag-aaral ay may pag-unawa:</i>	<i>Ang mga mag-aaral ay</i>	11. Matutukoy ang mga katangian na dapat taglayin ng isang aktibong mamamayan na	<b>AP10ICC-IVe-6</b>	

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>NILALAMAN</b> <i>(Content )</i>	<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b> <i>(Content Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b> <i>(Performance Standard)</i>	<b>PAMANTAYAN SA PAGKATUTO</b> <i>( Learning Competencies)</i>	<b>CODE</b>	<b>LEARNING MATERIALS</b>
<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Pakikilahok sa mga gawaing pansibiko (<i>Civic Engagement</i>)</li> <li>2. Pakikilahok sa mga Gawaing Politikal (<i>Political Socialization</i>)</li> </ol>	sa kahalagahan ng pagkamamayan at pakikilahok sa mga gawaing pansibiko tungo sa pagkakaroon ng isang pamayanan at bansang maunlad, mapayapa, at may pagkakaisa	nakagagawa ng pananaliksik tungkol sa kalagayan ng pakikilahok sa mga gawaing pansibiko at pulitikal ng mga mamamayan sa kanilang sariling pamayanan	nakikilahok sa mga gawain at usaping pansibiko		
			12. Natatalakay ang iba't ibang gawaing pansibiko sa pamayanan at bansa	<b>AP10ICC-IVf-7</b>	
			13. Nasusuri ang epekto ng pakikilahok ng mamamayan sa mga gawaing pansibiko sa kabuhayan, pulitika, at lipunan	<b>AP10ICC-IVg-8</b>	
			14. Nasusuri ang epekto ng pakikilahok ng mamamayan sa mga gawain at usapin pampulitika	<b>AP10ICC-IVh-9</b>	
			15. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kooperasyon ng mamamayan at pamahalaan sa paglutas sa mga suliraning panlipunan	<b>AP10ICC-IVi-10</b>	
			16. Naipapahayag ang saloobin sa mahahalagang isyung pampulitika na kinakaharap ng sariling pamayanan at bansa	<b>AP10ICC-IVj-11</b>	



**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**  
**Talasalitaan**

**A**

**Absolute advantage** – ganap na kalamangan ng isang bansa sa isang produkto kapag mas mababa ang halaga ng produksiyon nito kaysa halaga ng produksiyon ng ibang bansa

**Absolute monarchy** – Uri ng monarkiya na ang kapangyarihan ng hari ay hindi nalilimitahan ng sinuman

**Acid Rain** – polusyong dulot ng *sulfur dioxide* at *nitrogen oxide* na pumapailanlang sa himpapawid at sumasama sa *water vapor* at bumabagsak sa anyong ulan, hamog, o niyebe

**Acropolis** – ang burol at pinakamataas na lugar sa gitna ng lungsod-estado ng Athens at iba pang lungsod-estado ng Greece

**Agham panlipunan** – isang sangay ng kaalaman na ang pinag-aaralan ay ang mga pag-uugali ng tao habang siya ay nakikipag-ugnayan sa kanyang kapwa at sa kapaligiran

**Agora** – ang gitna ng lungsod-estado ng isang bukas na lugar kung saan maaring magtinda o magtipon-tipon ang mga tao sa Greece

**Ahimsa** – hangong sa relihiyong Jainism na may kahulugan na mapayapang pamamaraan ng pakikibaka o ang hindi paggamit ng dahas

**Allied Powers** – mga bansang nagsanib-pwersa, kinabibilangan ng United States, Great Britain, at dating Soviet Union, upang labanan ang Axis Powers

**Allocative role** – tumutukoy sa masinop na paggamit ng mga pinagkukunang-yaman

**Alokasyon** – isang mekanismo ng pamamahagi ng mga pinagkukunang-yaman sa iba't ibang gamit upang sagutin ang mga pangunahing katanungan ng isang lipunan sa suliranin ng kakapusan

**Alyansa** – pagbubuo ng grupo o lupon ng mga makapangyarihang bansa sa Europe

**Akulturasyon** – prosesong pinagdaraanang isang lipunan sa pagtanggap ng elemento, katangian, o impluwensiya ng kultura ng iba pang lipunan

**Apollo 11** – sasakyang panghimpapawid na mula sa United States, na siyang unang sasakyang nakarating sa buwan

**Astrolabe** – instrumento sa paglalayag na ginagamit upang malaman ang latitud ng barko

**Archipelago / Kapuluan** – pangkat ng mga pulo

**Armistice** – kasunduan na pansamantalang pagtigil ng labanan o digmaan

**Axis Powers** – mga bansang nagsanib, kabilang ang Germany, Italy, at Japan, upang kalabanin ang Allies noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig

**B**

**Batas ng Demand** – batas sa ekonomiya na nagsasaad ng hindi direktang relasyon o ugnayan ang presyo sa quantity demanded.

**Batas ng Supply** – batas sa ekonomiya na nagsasaad na mayroong direktang relasyon o ugnayan ang presyo sa quantity supplied.

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

**Bayaring nalilipat** – bayarin ng pamahalaan sa sambahayan tulad ng pensiyon ng mga nagretiro, benepisyong pangkalusugan, at pangkalahatang kapakanan para sa mga pamilyang mahihirap

**Beleaguered forests** – inabusong mga kagubatan

**Biodiversity** – ang pagkakaiba-iba at pagiging katangi-tangi ng lahat ng anyo ng buhay na bumubuo sa natural na kalikasan

**Bourgeoise** – mga mangangalakal at banker na bagaman may salapi ay hindi nabibilang sa mga lipi ng maharlika at kaparian

**Brain drain** – pagkaubos na mga propesyonal na may angkin kasanayan o talento dulot ng kanilang pangingibang-bayan upang maghanap ng mas magandang oportunidad sa paghahanapbuhay

**Bulkan** – bundok na may butas sa pinakatuktok na nilalabasan ng maiinit na bato, *lava*, putik, lahar, at abo

**Bulubundukin** – hanay ng mga bundok na magkakadikit

**Bundok** – mataas na anyong lupa na nagtataglay ng mga bato at lupa

## C

**Calligraphy** – Sistema ng pagsulat ng mga Tsino

**Caste** – pagkakahati-hati ng tao sa lipunang Hindu.

**Ceteris Paribus** – *other things being equal*; ang hinuha na walang pagbabago maliban sa salik na pinag-aaralan. Sa paggamit ng ceteris paribus, nagagawang simple ang pagpapaliwanag sa mga ugnayan na nais suriin.

**Climate Change** – ito ay ang pagbabago sa klima ng mundo; kinapapalooban ito ng pagbabago sa temperatura, *wind pattern*, pagbuhos ng ulan, lalo na ang pagbabago sa temperature ng mundo bunga ng pagtaas ng mga partikular na gas lalo ng *carbon dioxide*.

**Cold War** – labanan ng ideolohiya, na hindi ginagamitan ng dahas

**Command economy** – ang ekonomiya ay nasa ilalim ng komprehensibong kontrol at regulasyon ng pamahalaan

**Comparative advantage** – ang espesyalisasyon at kalakalan ay makakabuti sa mga bansa kahit na may mga bansang hindi episyente sa paggawa nito

**Coniferous** – tumutukoy sa mga punong *cone bearing*

**Confucianism** – Isang pilosopiya na nakatuon sa pagpapabuti ng ugali sa pamamagitan ng pagtataguyod sa mga virtue ng kagandahang loob, tamang pag-uugali, at pagkamagalang

**Cooperative** – kooperatiba; isang samahan na nabuo at pinatatakbo para sa benepisyo ng mga kasapi

**Core** – pinakamalalim na bahagi ng daigdig; binubuo ng inner core at outer core; halos 1380 milya ang kapal ng outer core

**Cost and Benefit Analysis** – ang pag-aanalisa ng gastos at pakinabang na makukuha mula sa gagawing pagpapasya

**Cross elasticity** – ang pagsukat kung papaano tumutugon ang quantity demand ng produkto X sa pagbabago ng presyo ng produkto Y

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

**Crust**– pinakaibabaw na bahagi ng daigdig; matigas at mabatong bahagi ng planeta

**Cuneiform** – unang nabuong sistema ng pagsusulat. Isa itong uri ng *pictograph* na naglalarawan ng mga bagay na ginagamitan nang may 600 pananda sa pagbubuo ng mga salita o ideya. Sistema ng pagsulat na imbensiyon ng mga Sumerian.

### D

**Death March** - isang uri ng pagpaparusang ipinataw ng mga Hapon sa Pilipinas laban sa mga sumukong sundalong Pilipino at Amerikano sa Bataan

**Deforestation** – pagkaubos at pagkawala ng mga punongkahoy sa mga gubat

**Demand**– tumutukoy sa parehong kakayahan at kagustuhanng isang taong bumili ng isang produkto at serbisyo

**Demand curve**– kurba na nagpapakita ng magkasalungat na relasyon sa pagitan ng presyo at quantity demanded

**Demand function** – matematikong paglalarawan sa ugnayan ng presyo at quantity demanded

**Demand schedule** – talaan na nagpapakita ng dami ng demand sa iba't ibang presyo

**Demokrasya** – uri ng pamahalaang ang kapangyarihan ay nasa kamay ng mga mamamayan upang pumili ng kanilang kinatawan sa pamahalaan

**Desertification** – ang pagkasira ng lupain sa mga rehiyong bahagyang tuyo o lubhang tuyo

**Dinastiya** – pamumuno ng isang angkan sa isang imperyo o kaharian sa loob ng mahabang panahon

**Disaster risk mitigation**– isang sistematikong paraang ng pagtukoy, pagtataya, at pagbabawas ng panganib ng trahedya o kalamidad

**Disincentives**– ang pagbabayad ng multa o kawalan (losses) na matatamo sa hindi episyenteng pagpapasya

**Diskriminasyon** – ang hindi pantay na pagtingin sa karapatan, lahi, kulay, o kultura ng isang tao

**Disyerto** – rehiyong may malawak na tuyong lupa at buhangin

**Diverse habitat** – Iba-ibang panahanan o tirahan

**Divine origin** –paniniwala ng mga Hapones sa kabanalan at buhay na simbolo ng panginoon sa kanilang mga hari

**Demography** – pag-aaral sa antas ng populasyon na nakatuon sa kapanganakan, pag-aasawa, kamatayan, at mga sakit

**Downsizing** –pagbabawas ng manggagawa ng bahay kalakal sa panahon *ng bust perid* upang makatipid sa gastusin ng produksyon

### E

**Ecological balance** – balanseng ugnayan sa pagitan ng mga bagay na may buhay at ang kanilang kapaligiran

**Ecosystem** – masalimuot na sistema ng interaksyon sa pagitan ng mga bagay na may buhay at ng mga bagay na walang buhay sa pisikal na kapaligiran

**Eco-tourism** – gawaing pang-turismo gamit ang kalikasan

**Ekonomiks**– pag-aaral ng pakikipagsapalaran ng tao sa kapaligirang kanyang ginagalawan. Ito ay nauukol sa pagpapasyang ginagawa ng tao at ng lipunan kung paano gamitin at ipamahagi ang limitadong pinagkukunang-yaman upang matugunan ang kanyang walang hanggang pangangailangan at kagustuhan.

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

**Ekwilibriyo**— isang sitwasyon na nagkakasundo ang mga mamimili (sa panig ng demand) at nagbibili (sa panig ng supply)

**Enlightenment**— kilusang intelektwal na naglalayong gamitin ang agham sa pagsagot sa mga suliraning ekonomikal, pulitikal, at maging kultural

**Entreprenyur** – indibidwal na nagsasaayos, nangangasiwa, at nakikipagsapalaran sa isang negosyo

**Equator** – itinatakda bilang *zero degree latitude* at humahati sa globo sa hilaga at timog na *hemisphere* o hemispero

**Etnisidad** – mistulang kamag-anakan; kapag kinikilala ng isang grupong tao ang mga sarili at ang isa't isa bilang kasapi ng isang grupong etnolingguwistiko

**Etnolingguwistiko** – tumutukoy sa pagkakaipareho at pagkakaiba ng mga tao sa isang bansa ayon sa kultura, wika, at etnisidad

**Exploitation** – pananamantala sa iba para sa sariling kapakanan

**Export** – pagluluwas ng mga produkto palabas ng isang bansa patungo sa iba't ibang panig ng mundo

### F

**Fascism**– ideolohiyang ipinalaganap ni Benito Mussolini, na tumututol sa anumang uri ng oposisyon sa pamahalaan

**Fief** lupang ipinagkakaloob ng *lord* sa *vassal*

**Footbinding** – Sinaunang tradisyon sa China na kung saan sadyang binabali apagbabali ng arko ng paa upang hindi ito lumaki nang normal, tinatawag ang ganitong klase ng mga paa na *lotus feet* o *lily feet*.

**French Revolution**– Rebolusyong pinasimulan ng mga Pranses na naglalayong magkaroon ng pagkakapantay-pantay, pagkakaisa, at kalayaan

### G

**Genocide** – malawakang pagpatay na ginawa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig lalo na laban sa mga Hudyo

**Geocentrism**– paniniwala noong panahong Medieval na ang Daigdig (Earth) ay ang sentro ng *solar system*

**Glasnost** – Isang salitang Ruso na nangangahulugan ng *openness* o pagiging bukas kung saan ,may malayang napag-usapan ang mga suliranin ng bansa sa pamamagitan ng malayang pamamahayag

**Global climate change** – pagbabago ng pandaigdigang klima na maaaring dulot ng likas na pagbabago sa daigdig o ng mga gawain ng tao

**Globalisasyon**— ang kaparaanan kung paano nagiging global o pangbuong mundo ang mga lokal o pampook o kaya pambansang mga gawi o paraan sa aspeto ng ekonomiya at kalakalan, teknolohiya, politika, at kalinangan o kultura

**Gross Domestic Product** –sumusukat sa kabuuang pampamilihang halaga ng lahat ng tapos na produkto at serbisyo na ginawa sa isang takdang panahon sa loob ng isang bansa

**Gross National Product (Gross National Income)** – kabuuang pampamilihang halaga ng mga produkto at serbisyo na nagawa ng mga mamamayan ng isang bansa

**Guild**– samahan ng mga taong nagtatrabaho sa magkatulad na hanapbuhay

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### H

**Habitat** – tirahan ng mga hayop at iba pang mga bagay

**Hanging amihan** – hilagang-silangang *monsoon*; umiihip nang salungat sa unang hangin mula Oktubre hanggang Abril mula sa Siberia patungong karagatan

**Hanging habagat** – timog-kanlurang *monsoon*; umiihip mula Mayo hanggang Setyembre na may dalang napakalakas na ulan mula sa karagatan

**Heliocentrism**– paniniwala na ang araw ang sentro ng solar system

**Hellenes**– tawag ng mga Greek sa kanilang sarili na hango sa salitang Hellas, isang lugar sa hilagang-kanluran ng Greece

**Heograpiya** – nauukol sa pag-aaral ng mundo at mga taong naninirahan dito, na sumasakop din sa pag-aaral sa katangiang pisikal nito, iba't ibang anyong lupa, at anyong tubig, klima, at likas na yaman ng isang pook

**Heograpiyang pantao** – sangay ng heograpiya na tumutukoy sa pag-aaral ng wika, relihiyon, lahi, at pangkat-etniko sa iba't ibang bahagi ng daigdig

**Hinterlands**– malayong lugar, malayo sa mga urbanisadong lugar ngunit apektado ng mga pangyayari sa teritoryong sakop ng lungsod

**Hinuha** – kaisipang hindi direktang isinasaad; isang konklusyong hango sa impormasyon

**Hominid** – miyembro ng pamilya ng mga mammal na may kakayahang tumayo sa dalawang paa kabilang ang tao, gorilya, chimpanzee, at orangutan

**Humanidades** – Kabuuan ng mga kaalaman tungkol sa mga sining na biswal tulad ng musika, arkitektura, pintura, sayaw, dula, at panitikan. Sa pamamagitan ng mga tekstong ito, naipahahayag ng sumulat ang kaniyang nadarama, adhikain, pangarap, pag-asa, o pangamba.

**Humanismo** – isang kilusang intelektuwal noong Renaissance na naniniwalang dapat pagtuunan ng pansin ang klasikal na sibilisasyon ng Greece at Rome. Humanista ang taong tumatangkilik sa ideyang ito.

### I

**Incentives**– maaaring pinansyal o parangal na maaring matamo mula sa pagpupunyagi sa araw-araw

**Income elasticity** - panukat kung gaano tumutugon ang quantity demand sa pagbabago ng kita

**Income per capita** – sinusukat ang kalagayang pangkabuhayan ng mga mamamayan ng isang bansa. Makukuha ito kung hahatiin ang Gross Domestic Product sa kabuuang populasyon ng bansa.

**Industriyalisasyon** – pagbabagong pang-ekonomiya na unang naranasan sa England na gumamit ng mga makinarya kaya naman nagkaroon ng mabilisang produksyon

**Imperyalismo** – isang patakarano paraan ng pamamahala na ang malalaki o makapangyarihang mga bansa ang naghahangad upang palawakin ang kanilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagsakop o paglulunsad ng mga pagtaban o kontrol na pangkabuhayan at pampulitika sa ibang mga bansa

**Impormal na sektor (Underground Economy)** – sektor na nagtataglay ng malawak na katangian na binubuo ng mga yunit na nagsasagawa ng pagbuo ng produkto at serbisyo na ang pangunahing mithiin ay makalikha ng empleyo at kita ang mga taong lumalahok dito. Ang mga gawain ng na yunit ay naisasakatuparan sa pamamagitan ng mababang antas ng organisasyon na walang pagsunod sa itinatadhanang kapital, pamantayan, at paraan ng pagsasagawa nito sa napakaliit na

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

antas ng produksiyon. Ang mga katuwang sa pagsasagawa ng gawain ay kadalasang mga kamag-anak at malalapit na kaibigan na walang pormal na pagsunod sa mga patakarang itinakda ng pamahalaan.

**Import** – pag-aangkat ng mga produkto mula sa ibang bansa patungo sa loob ng isang bansa

**Isolationism** –patakarang na ipinatutupad ng isang bansa na inihihiwalay o isinasara nito ang bansa mula sa impluwensiya at pakikipag-ugnayan sa mga dayuhan

### K

**Kabihasnan** – pamumuhay na kinagawian at pinipino ng maraming pangkat

**Kagustuhan** - ang mga bagay na nakatutulong sa tao upang mapagaan ang kanyang buhay

**Khanate** – estadong nasa hurisdiksyon ng isang *khan* (pinunong lokal ng ilang bansa sa gitnang Asya)

**Kalakalan** – anumang transaksyon sa pagitan ng dalawang tao o sa pagitan ng mga bansa na kabilang sa isang pamilihan

**Kapaligirang pisikal** – katangian ng daigdig na binubuo ng anyong lupa, klima, anyong tubig, *wildlife*, buhay-hayop, *vegetation*, at *mineral*

**Kapatagan** – malawak na lupang pantay o patag

**Kapital** – mga makinarya, kagamitan, o imprastruktura na ginagamit bilang salik ng produksiyon

**Kanluranin** – pangkalahatang tawag sa mamamayan ng Europe na nanakop ng lupain sa Asya noong ika-16 hanggang ika-19 na siglo. Ginagamit din ang salitang Europeo bilang kasingkahulugan ng kanluranin.

**Kapapahan**– tungkulin, panahon ng panunungkulan, at kapangyarihang panrelihiyon ng Papa bilang pinuno ng simbahang Katoliko, gayundin sa kapangyarihang pampolitika bilang pinuno ng Estado ng Vatican

**Katipunan** – isang rebolusyonaryong samahan. Tinatawag din itong KKK o Kataas-taasang Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan. Isinusulong nito ang ganap na kalayaan ng Pilipinas mula sa mga Español. Kung anuman ang ating mga nagawa noon ay siyang naghubog kung ano tayo ngayon.

**Kartel** – tumutukoy sa samahan ng oligopolista na sama-samang kumikilos upang itaas ang presyo ng mga produkto o serbisyo sa pamilihan

**Kasunduan sa Versailles** – kasunduang opisyal na nagwakas sa Unang Digmaang Pandaigdig, naganap noong Hunyo 28, 1919, sa pagitan ng Allies at Germany

**Kaunlaran**– ang pagbabago mula sa mababa tungo sa mataas na antas ng pamumuhay

**Khyber Pass** – landas na matatagpuan sa kabundukan ng Hindu Kush na sa loob ng libu-libong taon ito ay tinahak at ginamit ng mangangalakal at manlalakbay sa kasaysayan papunta at palabas ng India

**Kilusang Propaganda** – samahang itinatag ng mga ilustrado sa Pilipinas noong ika-19 na siglo. Layunin nito na maisulong ang reporma sa bansa sa ilalim ng pamahalaang kolonyal ng Spain.

**Klima** – ang karaniwang panahon o *average weather* na nararanasan ng isang lugar sa loob ng ilang buwan, ng isang taon, o mahaba-habang panahon na kinapapalooban ng mga elemento tulad ng temperatura, ulan, at hangin

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

**Kolonyalismo** –ang tuwirang pananakop ng isang bayan sa iba pa upang mapagsamantalahan ang yaman nito o makuha rito angiba pang pangangailangan ng mangongolonya

**Komplementaryo** – mga produktong magkasabay o magkasamang kinukunsumo

**Komunismo** - ideolohiyang nagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng mga mamamayan sa lipunan

**Konsepto** – ideya o kaisipan

**Konsyumer** – mamimili; gumagamit ng mga produkto at serbisyo

**Kontemporaryong isyu**- Isyung may partikular na kahalagahan sa kasalukuyang panahon

**Kontinente** – pinakamalawak na masa ng lupa sa ibabaw ng daigdig

**Kontra-repormasyon**– kilusang pangrelihiyon ng Simbahang Katoliko na naglalayong panumbalikin ang tiwala ng mga sa Kristyanismo partikular sa Katolisismo

**Kowtow** – pagyuko ng mga Tsino sa kanilang Emperador nang tatlong beses na ang noo ay humahalik sa semento

**Krusada**– ekspedisyong militar na inilunsad ng mga Kristiyanong Europeo laban sa mga Turkong Muslim upang mabawi ang Jerusalem sa kamay ng mga ito

### L

**Laissez faire**– kaisipang nagbibigay-diin sa malayang daloy ng ekonomiya, na hindi nararapat na pakialaman ng pamahalaan

**Lambak** – lupain patag na makikita sa pagitan ng mga bundok o sa gilid ng mga ilog

**Latitude** – mga distansyang *angular* na natutukoy sa hilaga o timog ng *equator* o ekwador

**Lay investiture**– isang seremonya kung saan binibigyan ng mga hari ang Obispo ng singsing at tauhan para sa kanyang opisina

**Liberalisasyon** – patakaran na nagbunsod sa paggiging malaya o pagbubukas ng kalakalan ng bansa sa pandaigdigang kalakalan

**Life expectancy** – inaasahang haba ng buhay

**Liga ng mga Bansa (*League of Nations*)**– itinatag ng 42 bansa noong Enero 10, 1920, na ang pangunahing layunin ay tapusin ang digmaan sa pamamagitan ng negosasyon at diplomasya

**Literacy rate o Antas ng kamuwangan**– bahagdan ng tao sa isang partikular na bansa na may kakayahang bumasa at sumulat

**Longitude** – mga distansyang *angular* na natutukoy sa silangan at kanluran ng *prime meridian*

**Lundayan** – kinalalagyan o pinagmulan

**Lupa** – sa ekonomiks, tumutukoy ito sa salik ng produksiyon na yamang likas

### M

**Makroekonomiks**– ang pag-aaral sa kabuuang galaw ng ekonomiya; pinag-aaralan dito ang interaksyon ng sambahayan, kumpanya, pamahalaan, at pandaigdigang pamilihan.

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

**Makroekonomikong ekilibriyo** –kung ang kita sa panig ng sambahayan ay katumbas ng pagkonsumo o kaya sa panig ng bahay- kalakal, ang kita sa produksiyon ay katumbas ng pagkonsumo

**Mandate system** – pagpapasailalim sa isang bansang naghahanda na maging isang malaya at nagsasariling bansa sa patnubay ngisang bansang Europeo

**Manor**– sentrong pangkabuhayan na pinamumunuan ng panginoong nakatira sa kastilyo

**Mantle**– binubuo ng makakapal at maiinit na tunaw na bato; halos 1800 milya ang kapal

**Marginal thinking**– pagsaalang-alang ng karagdagang benepisyo o pakinabang na matatamo sa bawat karagdagang gastusin

**Market economy**– ang mekanismo ng malayang pamilihan na ginagabayan ng isang sistema ng malayang pagtatakda ng halaga

**Marxism** – teoryang politikal at ekonomiko ni Karl Marx na nagsasaad na ang kilos ng tao ay bunga ng kapaligiran at uri ng kanyang kinabibilangan

**Mein Kampf (My Struggle)**– akda ni Hitler na pinagbatayan ng ideolohiyang Nazism, unang lumabas noong 1925

**Merkantilismo** –prinsipyong pang-ekonomiya na ang batayan ng kayamanan ng bansa ay ang dami ng ginto at pilak na mayroon ito

**Mesoamerica**– nangangahulugan ang katagang *meso* ng “gitna”; ang *Mesoamerica* ay rehiyon mula sa gitnang Mexico hanggang Gitnang America

**Middle class** – tumutukoy sa panggitnang uri ng tao sa lipunan. Sila ay nasa pagitan ng mga pinakamayayaman at mahihirap na grupo ng tao. Kadalasang batayan ng pagiging *middle class* ay ang pagkakaroon ng kayamanan at kapangyarihan sa lipunan na kinabibilangan.

**Migrasyon** –ang pag-alis ng tao mula sa ibang bansa o lokalidad patungo sa iba

**Mikroekonomiks** – ay ang pag-aaral sa maliliit na yunit ng ekonomiya. Pinag-aaralan nito ang kilos, gawi at ang mga ginagawang pagpapasya ng sambahayan at kumpanya

**Militarismo** – pagpapalakas ng pwersang militar

**Mine tailing**– dumi o mga materyales na latak mula sa proseso ng pagmimina at pagsasala mula sa malalaking minahan

**Mixed economy**– isang sistema na kinapapalooban ng elemento ng market economy at command economy

**Monarchy**– uri ng pamahalaan ng pinamumunuan ng hari, reyna, at mga kauri nito

**Monopolistikong kumpetisyon** – uri ng pamilihan na maraming mamimili at bahay-kalakal subalit may kaunting kapangyarihan dahil sa ibinebentang produkto na *similar but not exactly identical*

**Monopolyo** –isang istraktura ng pamilihan na may malakas na puwersang itinakda ang presyo at dami ng ibebenta nag-iisa lamang ang prodyuser na nagbebenta ng produkto at serbisyo sa maraming mamimili

**Monopsonyo**– Isang istraktura ng pamilihan na maraming nais magkaloob ng produkto at serbisyo subalit iisa lamang ang. Ito ay may lubos na kapangyarihan na kontrolin ang presyo.

**Monsoon** – mga hanging nagtataglay ng ulan



## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

**Multiculturalism**– lipunan na binubuo ng iba't ibang kultura

### N

**Nagbibili**– ang nagbebenta ng mga produkto at serbisyo sa pamilihan

**Napoleonic Wars**– Digmaang pinangunahan ni Napoleon Bonaparte na naglalayong pag-isahin ang buong Europa

**Nasyonalismo** – kadalasan, tumutukoy ito sa masidhing pagmamahal sa bayan. Subalit maliban dito, ang nasyonalismo ay nangangahulugan din ng pagkakatanto ng isang nilalang o lahi na mahalagang ipagtanggol ang kaniyang bansa laban sa panlulupig ng mga banyaga.

**Nation-state**– terminong pampolitika na tumutukoy sa isang teritoryo na pinananahanan ng mga mamamayan na may magkakatulad na wika, kultura, relihiyon, at kasaysayan, at napasasailalim sa isang pamahalaan

**Natural capital**– likas na puhunan

**Nazism** – ideolohiyang ipinalaganap ni Adolf Hitler na nagsasaad ng pagiging superyor ng lahing Aryan, na siyang kinabibilangan ng mga German

**Negosyo** – tumutukoy sa anumang gawain na pang-ekonomiya na may layuing kumita o tumubo

**Net Factor Income from Abroad** – tinatawag ring *NetPrimary Income*. Makukuha ito kapag ibinawas ang gastos ng mga mamamayang nasa ibang bansa sa gastos ng mga dayuhang nasa loob ng bansa

**Nomarch**– pinuno ng *nome*

**Nome**– malalayang pamayanan ng sinaunang Egypt

**Normative economics**– paraan ng pagpapahayag na sumasalamin sa pagpapahalaga o value judgment ng isang tao sa isang pangyayaring pangkabuhayan o economic phenomenon. Ito ay pansariling pananaw/opinyon na naglalahad ng sariling paninindigan.

### O

**Oasis** – lugar sa disyerto na nagtataglay ng matabang lupa at tubig na maaaring makabuhay ng mga halaman at hayop

**Obsidian**– isang maitim at kristal na baton a nabuo mula sa tumigas na lava na ginamit sa Teotihuacan sa paggawa ng kagamitan, salamin, at talim ng kutsilyo

**Oligopolyo** –istruktura ng pamilihan kung saan may maliit na bilang ng bahay-kalakal na nagbebenta ng magkakatulad o magkakaugnay na produkto

**Olmec** – kauna-unahang kabihasnang sa Central America: nangangahulugan ang salitang Olmec na "*rubber people*" dahil sila ang kauna-unahang gumamit ng dagta ng mga punong rubber o goma

**Oracle bone**– tawag sa mga tortoise shell at cattle bone na ginagamit upang mabatid ang mensahe o saloobin ng mga diyos ng mga Tsino.

**Opportunity cost**– ang halaga ng bagay na handang isuko o bitawan upang makamit ang isang bagay

**Overgrazing** – sanhi ng pagkasira ng lupa at *vegetation* na nagaganap kung ang kapasidad ng damuhan ay hindi sapat sa laki ng kawan ng hayop

**Ozone layer**– isang suson sa *stratosphere* na naglalaman ng maraming konsentrasyon ng *ozone*

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### P

***Pacific Ring of Fire*** – isang malawak na sona sa Pasipiko na nagtataglay ng maraming hanay ng mga bulkan

**Paggawa** – oras at lakas na ginagamit ng tao sa produksiyon

**Pagkonsumo** – paggamit o pagbili ng mga produkto at serbisyo

**Pag-iimpok** – bahagi ng kita na hindi ginagasta at sa halip ay inilalagak sa bangko para sa pangangailangan sa hinaharap

**Paikot na daloy** – dayagram na nagpapakita ng kitang tinatanggap at bayaring ginagawa ng bawat sektor sa ekonomiya

**Pamilihan** – ang lugar/mekanismo para ang mamimili at nagbebenta ay nagkakaroon ng transaksyon upang magkaroon ng bentahan

**Pananaw** – saloobin o opinyon ng isang tao batay sa kaniyang paniniwala

**Pangangailangan** – ang mga bagay na dapat ay mayroon ang tao tulad ng pagkain, damit, at tirahan upang mabuhay

**Peninsula / Tangway** – bahagi ng pulo o kontinenteng nakaungos sa tubig

**Perestroika**– tumutukoy sa pagsasaayos ng ekonomiya ng dating USSR upang manaig angpwersang pampamilihan

**Philosophes**– grupo ng mga intelektwal sa panahon ng Enlightenment na naniniwala na ang reason o katwiran ay magagamit sa lahat ng aspeto ng buhay

**Physiocrats**– mga taong naniniwala at nagpalalaganap ng ideyang ang lupa ang tanging pinagmumulan ng yaman o nakatutulong sa pagpapayaman

**Pictogram**–sistema ng pagsulat na gumagamit ng larawan sa mga sinaunang kabihasnang

**Pilosopiya** – ang mapagkilatis na pag-aaral sa mga pinakamalalim na katanungan na maaaring itanong ng sangkatauhan. Nagmula ang salitang pilosopiya sa mga salitang griyego na *philo* at *sophia*. Ang *philo* ay nangangahulugang "pagmamahal" at ang *sophia* naman ay "karunungan". Kung pagsasamahin, ito ay "pagmamahal sa karunungan".

**Piyudalismo**– isang sistemang pulitikal, sosyo-ekonomiko, at militar na nakabase sa pagmamay-ari ng lupa

**Political dynasty** – ang pananatili sa pamamahala ng isang pamilya sa isang estado sa paglipas ng mga taon

**Populasyon** – tumutukoy sa kabuuang bilang ng tao sa takdang lugar at panahon

**Population boom** – biglaang pagdami ng mga taong nakatira sa isang lugar

**Population growth rate** – antas/bahagdan ng pagdami ng tao

**Prairie** – lupang may damuhang mataas na malalim ang ugat o *deeply rooted tall grasses*

**Price index** – sumusukat sa average na pagbabago sa presyo ng mga produkto at serbisyo

**Presyo** – ang halagang ipinambabayad sa isang tiyak na dami at uri ng isang kalakal o paglilingkod

**Presyong elasticidad ng demand** – sumusukat kung gaano ka sensitibo ang quantity demand sa pagbabago ng presyo

**Prime Meridian** – itinatalaga bilang *zero degree longitude* na nasa Greenwich sa England

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

**Protectorate** – isang rehiyon na may sariling pamahalaan subalit nasa ilalim ng kontrol ng isang panlabas na kapangyarihan

**Pulo** – masa ng lupang napapaligiran ng tubig

### R

**Rebolusyon** – ang mabilis, agaran, at radikal na pagbabago sa isang lipunan

**Red Tide** – sanhi ng *dinoflagellates* na lumulutang sa ibabaw ng dagat

**Reinkarnasyon** – paniniwalang ang kaluluwa ay muling mabubuhay sa mas mataas o mababang kalagayan sa lipunan batay sa kabuuang pagkilos ng tao

**Renaissance** – tumutukoy sa muling pagsilang o rebirth the kulturang klasikal ng Greece na sumibol sa bansang Italya

**Repormasyon** – kilusang pangrelihiyon na naglalayong manghingi ng reporma sa Simbahang Katoliko. Ito ay katawagan din sa mga kaganapan na yumanig sa

Kakristyanuhan mula ika-14 hanggang ika-17 na dantaon na humantong sa pagkakahati ng simbahang Kristyano.

**Responsible Parenthood and Reproductive Health Act of 2012** – batas na nagbibigay garantiya sa pagtamo ng mgapamamaraan tulad ng *contraception, fertility control, sex education, at maternal care*

**Replenish** – muling punuan o tustusan

### S

**Salinization** – proseso ng paglitaw ng asin sa ibabaw ng lupa o kaya naman ay inaanod ng tubig papunta sa lupa

**Sambahayan** – sektor na binubuo ng lahat ng tao na nagnanais na matugunan ang kanilang walang hanggang pangangailangan at kagustuhan

**Satrap** – gobernador o pinuno ng *satrapy*

**Satrapy** – lalawigan ng Imperyong Persian

**Savanna** – lupain ng pinagsamang mga damuhan at kagubatan

**Satyagraha** – ang paglalabas ng katotohanan kasama ang pagdarasal, meditasyon, at pag-aayuno

**Scribe** – mga tagatala ng pangyayari at kasaysayan sa panahon ng sinaunang kabihasan

**Shortage** – isang sitwasyon na mas malaki ang dami na demanded kaysa sa dami ng produkto na isinusupply

**Sibilisasyon** – masalimuot na pamumuhay sa lungsod

**Siltation** – parami at padagdag na deposito ng banlik na dala ng umaagos na tubig sa isang lugar

**Sinocentrism** – ang pananaw ng mga Tsino na sila ang superiyor sa lahat

**Soil degradation** – pagkasira ng lupa o pagbaba nang kapakinabangan nito

**Son of Heaven o “Anak ng Langit”** – ang emperador ay pinili ng langit upang mamuno na may itinakdang kasaganaan at kapayapaan n noong sinaunang kabihasan

**Sputnik** – kauna-unahang *space satellite* sa kasaysayan na inilunsad ng dating USSR

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

**Statistical discrepancy** – ang anumang kakulangan o kalabisan sa pagkuwenta na hindi malaman kung saan ibibilang. Ito ay nagaganap sapagkat may mgatransaksiyong hindi sapat ang mapagkukunan ng datos o impormasyon.

**Steppe** – malawak na damuhang lupain na may kakaunting puno; matatagpuan sa silangang Europe at Asya

**Stewardship** – wastong pagkalinga at pangangalaga ng mga bagay tulad ng kalikasan

**Strained** – sobra o labis na nagamit

**Sturgeon** – malalaking isdang likas sa Hilagang Asya na pinagkukuhanan ng *caviar* (itlog) na isa sa mga produktong panluwas ng rehiyon

**Surplus** – isang sitwasyon na mas malaki ang dami ng produkto na isinusuplay kaysa sa dami na demand

**Sustainability** – kakayahang magpanatili ng isang estado o kalagayan

## T

**Taiga** – mataas na kagubatang *coniferous* at mabato na matatagpuan sa Hilagang Asya, partikular na sa Siberia

**Talampas** – mataas na lupang patag na patag sa ibabaw

**Teotihuacan** – nangangahulugan ang katagang ito na “tirahan ng diyos” at isa ito sa mga unang kabihasnang nabuo sa *Valley of Mexico*

**Terorismo** – sistematiko paggamit ng malaking takot, madalas marahas, lalo na bilang isang paraan ng pagpipigil

**Terra-Cotta** – anumang bagay (tulad ng banga, pigurin, o estatwa) na yari sa pinainitang luwad

**Territorial and border conflict** – suliraning dulot ng hindi pagkakaunawaan o pagtatalo ng mga bansa sa teritoryo at hangganan

**The White Man’s Burden** – tulang isinulat ni Rudyard Kipling, isang British. Una itong nailathala noong 1889. Ipinahayag ni Kipling ang pagsuporta niya sa imperyalismong kanluranin sa pamamagitan ng tulang ito.

**Third Reich** – panahon sa Germany mula 1933–1945 na napasailalim ang bansa sa kontrol ng ideolohiyang totalitarian

**Third World** – mga bansang papaunlad pa lamang tulad ng Pilipinas

**Triple Alliance** – kilala sa tawag na *Central Powers* na kinabibilangan ng Germany, Austria, Hungary, at Italy mula 1882- 1915.

**Triple Entente** – tawag sa alyansang France, Great Britain at Russia, kilala bilang *Allies* mula 1882- 1915.

**Think tank** – pangkat ng mga dalubhasa na nagpupulong upang gumawa ng pagsusuri sa isang suliranin at magmungkahi ng pamamaraan sa paglutas nito

**Tonle Sap** – lawa sa Cambodia na nakararanas ng *siltation* at kinikilalang pinakamalaking *freshwater lake* sa South East Asia

**Topograpiya** – tumutukoy sa mga katangiang pisikal na nasa ibabaw ng daigdig na gaya ng anyong lupa at anyong tubig

**Tropikal** – uri ng klimang may katamtamang init

**Tsar** – tawag sa pinuno ng Russia hanggang sa rebolusyon noong 1917

**Tundra** – lupaing kadalasang walang puno na matatagpuan sa Russia, malapit sa baybayin ng Arctic Ocean

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### U

**Unemployment rate** – bahagdan ng walang hanapbuhay

**Urbanisasyon** – pagsasa-lungsod ng isang lugar o paglipat ng malaking bahagdan ng populasyon sa mga lungsod upang dito mamuhay at manirahan

### V

**Vassal**– taong tumatanggap ng lupa mula sa *lord*

**Vedas** – sagradong aklat para sa mga Hindu; binubuo ng mga himnong pandigma, ritwal, at mga salaysay

**Vegetation**–uri o dami ng mga halaman sa isang lugar; uri ng kapaligiran batay sa tumutubong halamanan

**Volatile** – biglaang nagbabago

**Vulnerable** – madaling mapinsala

### Y

**Yamang likas** – mga bagay na nagmumula sa kalikasan tulad ng lupa, kabundukan, kagubatan, karagatan, mga ilog, lawa, at mga depositong *mineral*

### Z

**Ziggurat** –templo ng mga sinaunang Mesopotamia tulad ng Sumerian na pinaniniwalang pinaninirahan ng mga diyos

**Zoroastrianismo** – ang tawag sa relihiyon ng mga persyano, itinatag at ipinalaganap ni Zoroaster ang kaniyang mga turo, na naniniwalang may dalawang pwersang naglalaban upang makuha ang kaluluwa ng tao. Ayon sa kaniya, huhusgahan ang tao batay sa kaniyang ginawa at kung kaninong pangkat siya sumanib.

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### CODE BOOK LEGEND

**Sample: AP5KPK-IIIIf-5**

LEGEND		SAMPLE	
<b>First Entry</b>	Learning Area and Strand/ Subject or Specialization	Araling Panlipunan	<b>AP5</b>
	Grade Level	Baitang 5	
<b>Uppercase Letter/s</b>	Domain/Content/ Component/ Topic	Pagbabagong Kultural sa Pamamahalang Kolonyal ng mga Espanyol	<b>KPK</b>
			-
<b>Roman Numeral</b> <i>*Zero if no specific quarter</i>	Quarter	Ikatlong Markahan	<b>III</b>
<b>Lowercase Letter/s</b> <i>*Put a hyphen (-) in between letters to indicate more than a specific week</i>	Week	Ika-anim na linggo	<b>f</b>
			-
<b>Arabic Number</b>	Competency	Nakapagbibigay ng sariling pananaw tungkol sa naging epekto ng kolonyalismo sa lipunan ng sinaunang Pilipino	<b>5</b>

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

DOMAIN/ COMPONENT	CODE	DOMAIN/ COMPONENT	CODE	DOMAIN/ COMPONENT	CODE
Ako ay Natatangi	NAT	Ang Pinagmulan ng Lahing Pilipino	PLP	Heograpiya at Mga Sinaunang Kabihasan sa Daigdig	HSK
Ang Aking Pamilya	PAM	Pamunuang Kolonyal ng Espanya	PKE	Ang Daigdig sa Klasiko at Transisyonal na Panahon	DKT
Ang Aking Paaralan	PAA	Pagbabagong Kultural sa Pamamahalang Kolonyal ng mga Espanyol	KPK	Ang Pag-usbong ng Makabagong Daigdig	PMD
Ako at ang Aking Kapaligiran	KAP	Mga Pagbabago sa Kolonya at Pag-usbong ng Pakikibaka ng Bayan	PKB	Ang Kontemporaryong Daigdig	AKD
Ang Aking Komunidad	KOM	Kinalalagyan Ng Pilipinas At Ang Malayang Kaisipan Sa Mundo	PMK	Mga Pangunahing Konsepto ng Ekonomiks	MKE
Ang Aking Komunidad Ngayon at Noon	KNN	Pagpupunyagi sa Panahon ng Kolonyalismong Amerikano at Ikalawang Digmaang Pandaigdig	KDP	Maykroekonomiks	MYK
Pamumuhay sa Komunidad	PSK	Pagtugon sa mga Suliranin, Isyu at Hamon sa Kasarinlan ng Bansa	SHK	Makroekonomiks	MAK
Pagiging Kabahagi ng Komunidad	PKK	Tungo sa Pagkamit ng Tunay na Demokrasya at Kaunlaran	TDK	Mga Sektor Pang-Ekonomiya at Mga Patakarang Pang-Ekonomiya Nito	MSP
Ang Mga Lalawigan Sa Aking Rehiyon	LAR	Heograpiya ng Asya	HAS	Mga Isyung Pangkapaligiran at Pang-ekonomiya	IPE
Ang Mga Kwento Ng Mga Lalawigan Sa Sariling Rehiyon	KLR	Sinaunang Kabihasan sa AsyaHanggang	KSA	Mga Isyung Politikal at Pangkapayapaan	IPP
Ang Pagkakakilanlang Kultural Ng Kinabibilangang Rehiyon	PKR	Ang Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon	TKA	Mga Isyu sa Karapang Pantao at Gender	IKP
Ekonomiya At Pamamahala	EAP	Ang Silangan at Timog-Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon	KIS	Mga Isyung Pang-Edukasyon at Pansibiko at Pagkamamamayan ( <i>Civics and Citizenship</i> )	CC
Ang Aking Bansa	AAB				
Lipunan, Kultura at Ekonomiya ng Aking Bansa	LKE				
Ang Pamamahala Sa Aking Bansa	PAB				
Kabahagi Ako sa Pag-unlad ng Aking Bansa	KPB				

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### REFERENCES

- Bureau of Elementary Education, 2002 Basic Education Curriculum, (Pasig City: Department of Education, 2002)
- Bureau of Secondary Education, Department of Education. *Basic Education Curriculum* .Pasig City,2002.
- Bureau of Secondary Education, Department of Education Culture and Sport. *Desired Learning Competencies New Secondary Education Curriculum*. Pasig City, 1991.
- Bureau of Secondary Education, Department of Education Culture and Sports. *Desired Learning Competencies Philippine Secondary Schools Learning Competencies*. Pasig City, 1998.
- Bureau of Secondary Education, Department of Education. *Secondary Education Curriculum*. Pasig City, 2010.
- Connecticut State Department of Education, Division of Teaching and Learning, Social Studies Curriculum Framework, (USA: Connecticut State Department of Education, 1998)
- Council for the Welfare of Children, The Filipino Child of the Millennium: National Plan of Action for Child 2005-2010, (Quezon City: Council for the Welfare of Children, 2005)
- Department of Education, New Elementary School Curriculum (NESC): Program for Decentralized Education Development, (Manila: Department of Education, 1982)
- Olivia Caoili, The Social Sciences in the Philippines: a Retrospective View, in L. Samson and C. Jimenez. Eds. First national social science congress: toward excellence in social science in the Philippines, (Quezon City: University of the Philippines Press, 1983)
- "United Nations Convention on the Rights of the Child," last modified 2012, <http://www.ohchr.org/en/professionalinterest/pages/crc.aspx>